

**Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko  
at Palmaryanong Simbahan**

---

**Katekismo**

**Palmaryano**

**Elementaryang Grado**

---

IPINAGKALOOB SA EL PALMAR DE TROYA, APOSTOLIKONG PAMUNUAN, NOONG  
IKA-29 NG HUNYO, KAPISTAHAN NG MGA APOSTOLES SAN PEDRO AT SAN PABLO,  
SA TAON NG ATING PANGINOONG HESUKRISTO MMXVI, AT UNA SA PAGIGING  
PAPA NG KASALUKUYANG PAPA NA MASAYANG NAGHAHARI.  
UNANG KABANATA (CHAPTER I)

**ANO ANG UNANG DAPAT MALAMAN NG BAWAT KRISTIYANO**

**The sign of the Holy Cross** (Ang tanda ng Banal na Krus):

*Signing oneself* (Pag-antanda sa sarili):

By the sign ✠ of the Holy Cross, from our ✠ enemies deliver us, O Lord ✠ our God.

Dapat tayong mag-antanda sa ating mga sarili sa pamamagitan ng paggawa ng tatlong krus: ang una sa noo, upang ilayo tayo ng Diyos sa masasamang kaisipan; ang pangalawa sa mga labi, upang ilayo tayo ng Diyos sa masasamang salita; at ang pangatlo sa dibdib, upang ilayo tayo ng Diyos sa masasamang gawain at hangarin.

*Blessing oneself* (Ang pagkrus sa sarili):

In the Name ✠ of the Father, and of the Son, and of the Holy Ghost. Amen

Dapat nating krusan ang ating mga sarili sa pamamagitan ng paggawa ng krus buhat sa noo patungo sa dibdib, patungo sa kaliwang balikat at patungo sa kanang balikat.

**The Our Father**

Our Father, who art in Heaven, hallowed be Thy Name; Thy kingdom come; Thy will be done on earth as it is in Heaven.

Give us this day our daily bread; and forgive us our trespasses, as we forgive those who trespass against us, and let us not fall in temptation, but deliver us from evil. Amen.

**The Hail Mary**

Hail Mary, full of grace, the Lord is with Thee; blessed art Thou amongst women, and blessed is the fruit of Thy womb, Jesus.

Holy Mary, Mother of God and our Mother, pray for us sinners, now and at the hour of our death.  
Amen.

### **Glory be to the Most Blessed Trinity**

Glory be to the Father, glory be to the Son, glory be to the Holy Ghost.

As it was in the beginning, is now and ever shall be, for ever and ever. Amen.

**Hail Mary Most Pure**, conceived without sin.

### **The Creed**

I believe in God, the Father Almighty, Creator of Heaven and earth; and in Jesus Christ His Only Son, our Lord; Who was conceived by the action and grace of the Holy Ghost, born of the Virgin Mary, suffered under Pontius Pilate, was crucified, died and was buried. He descended into Hell; the third day He rose again from the dead; He ascended into Heaven, sitteth at the right hand of God, the Father Almighty; from thence He shall come to judge the living and the dead. I believe in the Holy Ghost, the Holy, Catholic, Apostolic and Palmarian Church, the communion of Saints, the forgiveness of sins, the resurrection of the body, and life everlasting. Amen.

### **The Hail Holy Queen**

Hail Holy Queen, Mother of Mercy, hail our Life, our Sweetness and our Hope! To Thee do we cry, poor banished children of Eve; to Thee do we send up our sighs, mourning and weeping in this vale of tears. Turn then, most gracious Advocate, Thine eyes of mercy towards us; and after this our exile, show unto us the blessed fruit of Thy womb, Jesus. O most clement, O most loving, O most sweet Virgin Mary. Pray for us, O Holy Mother of God, that we may be made worthy of the promises and graces of Our Lord Jesus Christ. Amen.

### **Ang Mga Kautusan sa Batas ng Diyos**

Ang una, ay mahalín ang Diyos higit sa lahat ng bagay.

Ang pangalawa, ay huwag magsumpa ng walang kabuluhan na gamit ang Banal na Ngalan ng Diyos.

Ang pangatlo, ay pakabalanin ang mga Banal na Araw.

Ang pang-apat, ay igalang ang ama at ang ina.

Ang panglima, ay huwag pumatay.

Ang pang-anim, ay huwag gumawa ng kalaswaan.

Ang pangpito, ay huwag magnakaw.

Ang pangwalo, ay huwag maging saksi sa hindi totoo o huwag magsinungaling.

Ang pangsiyam, ay huwag gumawa ng idolatriya.

Ang pangsampu, ay huwag maghangad sa taong may asawa at hindi mag-angkin sa mga bagay na pag-aari ng iba.

### **Ang Mga Kautusan ng Banal na Inang Simbahan**

Ang una, ay makinig sa Banal na mga Misa na ipinatutupad sa mga araw ng Linggo at iba pang mga Banal na Araw ng Pangilin.

Ang pangalawa, ay ikumpisal ang kasalanang mortal sa lalong madaling panahon, bago lumipas ang tatlong buwan buhat nang makagawa ng kasalanang mortal.

Ang pangatlo, ay tumanggap ng Banal na Komunyón bago matapos ang tatlong buwan buhat nang huling Banal na Komunyón.

Ang pang-apat, ay sumunod sa ipinatutupad na Pamantayan ng Simbahan ukol sa pagiging desenteng Kristiyano.

Ang panglima, ay tulungan ang Simbahan sa kanyang pinansyal na pangangailangan, sa pamamagitan ng limos o iba pang materyal na tulong, ayon sa kakayahan ng bawat isa.

### **Ang mga Sakramento ng Banal na Inang Simbahan**

Ang una, Pagbinyag.

Ang pangalawa, Pagkumpil.

Ang pangatlo, Pagkumpisal.  
Ang pang-apat, Pagkomunyon.  
Ang panglima, Pag-ulyo.  
Ang pang-anim, Pagpari.  
Ang pangpito, Pagkasal

#### **Ang pangunahing mga kasalanan**

Ang una, pagmamataas.  
Ang pangalawa, pagkasakim.  
Ang pangatlo, kalibugan.  
Ang pang-apat, pagkamagagalitin.  
Ang panglima, katakawan.  
Ang pang-anim, pagkainggit.  
Ang pangpito, katamaran.

#### **Laban dito sa pitong mga kasalanan ay ang pitong magandang mga katangian**

Laban sa pagmamataas, kababaang loob.  
Laban sa pagkasakim, mapagbigay.  
Laban sa kalibugan, kabinian.  
Laban sa pagkamagagalitin, pasyensiya.  
Laban sa katakawan, pagtitimpi.  
Laban sa pagkainggit, pag-ibig.  
Laban sa katamaran, kasipagan.

#### **Ang mga kalaban ng kaluluwa**

ay tatlo: ang mundo, ang demonyo at ang laman.

#### **Ang mga huling bagay ng tao**

ay apat: Kamatayan, Paghukom, Langit at Impiyerno.

#### **Ang mga kapangyarihan ng kaluluwa**

ay tatlo: pag-unawa, memorya at kaisipan.

#### **Ang teyolohikal at kardinal na mga katangian**

Ang teyolohikal ay tatlo: Pananampalataya, Pag-asa at Pag-ibig.  
At ang kardinal, apat: Kahinahunan, Katarungan, Katatagan ng loob at Pagtitimpi.

#### **Ang mga pandama ng tao**

ay lima: paningin, pandinig, pang-amoy, panlasa at pakiramdam.

#### **Kasalanang Venial**

Ang kasalanang venial o maliit na kasalanan ay napatatawad sa pamamagitan ng paggawa ng alinman sa mga sumusunod na labindalawang mga sakramental na may debosyon, may pagsisisi at may pakay ng pagbabago:

Pakikinig sa Banal na Misa.  
Pagtanggap ng Banal na Komunyon.  
Pakikinig sa sermon.  
Pagtanggap ng bendisyon ng Pari.  
Paghalik sa singsing ng Obispo.  
Pagdasal ng Our Father.  
Pagdasal ng Hail Mary  
Pagdasal ng Act of Contrition. "*My Lord Jesus Christ.*"  
Pagbasa ng banal na mga babasahin.  
Pagkrus ng Banal na Tubig o Bendita sa sarili.  
Pagtumbok sa dibdib.

At pagbigay ng limos sa Simbahan.

### **Act of Contrition**

My Lord Jesus Christ, true God and true Man, my Creator, Father and Redeemer, because Thou art infinitely Good and because I love Thee above all things, (*strike breast twice*) I am sorry, O Lord, I am heartily sorry for having offended Thee. I firmly propose to amend my life, to sin no more and to avoid the occasions of sin; to confess my sins and to perform the penance imposed upon me. I offer Thee, O Lord, my life, my deeds and my works, in satisfaction for all my sins; and I beg pardon of Thee, trusting that Thou, in Thy Infinite Goodness and Mercy, wilt forgive my sins through the merits of Thy Most Precious Blood, Thy Passion and Death; and also that Thou wilt grant me the grace of amendment and of perseverance in Thy holy service until the end of my life. Amen.

### **IKALAWANG KABANATA (CHAPTER II)**

#### **DIYOS, ISA SA KABUOHAN**

1. Mayroon lamang isa at totoong Diyos.  
Ang Diyos ay purong Espiritu, dahil wala Siyang katawang anyo tulad natin.  
Ang Diyos ay walang hanggan, dahil Siya ay laging nananatili at laging mananatili.
2. Ang Diyos ay walang katumbas na Banal, Marunong, Patas at Makapangyarihang Panginoon, ang Simula at Katapusan ng lahat ng bagay.  
Siya ay walang katumbas ang pagiging Banal dahil Siya mismo ay ang Kabutihan.  
Siya ay walang katumbas ang pagiging Marunong dahil alam Niya ang lahat ng bagay.  
Siya ay walang katumbas ang pagiging Patas dahil binibigyan Niya ng gantimpala ang mabubuti at pinarurusahan ang masasama.  
Siya ay walang katumbas ang pagiging Makapangyarihan dahil sa kapangyarihan Niya lamang nagagawa Niya ang lahat ng Kanyang nais.  
Siya ang Simula at Katapusan ng lahat ng bagay, dahil sa Kanya nanggaling ang lahat ng bagay at sa Kanya nararapat na bumalik ang lahat ng bagay.  
Ang Diyos ay naroroon kahit saan; nakikita, naririnig at alam Niya ang lahat, at pinapangalagaan ang lahat ng bagay.

### **IKATLONG KABANATA (CHAPTER III)**

#### **DIYOS, SA TATLONG KATAUHAN**

Sa Diyos, ay mayroong Tatlong Katauhan, kakaiba at pantay-pantay sa Bawat Isa, ito ay: ang Ama, ang Anak at ang Espiritu Santo.  
Ang Santisima Trinidad: Ama, Anak at Espiritu Santo, ay pareho at iisang Diyos.  
Dahil sa ang Ama ay Diyos, ang Anak ay Diyos at ang Espiritu Santo ay Diyos.  
Mayroong isa at solong Diyos sa kabuohan, Tatlong Banal na Persona.

### **IKA-APAT NA KABANATA (CHAPTER IV)**

#### **DIYOS ANG MAY-LIKHA**

1. Ang Diyos ang May Likha, dahil sa Kanyang sariling kagustuhan nagagawa Niya ang lahat ng Kanyang nilalang galing sa wala.  
Ang Diyos ay lumilikha para maipakita Niya ang Kanyang kaluwalhatian at maibahagi ang Kanyang pagmamahal at kaligayahan sa ibang nilalang. Ang Tatlo at Isang Diyos ay ang Ama ng lahat ng nilikha.
2. Sa unang iglap ng Paglikha ng Sandaigdigan, nilikha ng Diyos ang Kaluluwa ni Kristo, ang Kaluluwa ni Maria, ang mga Anghel, ang materyal na Uniberso, at sa huli si Adan, ang unang lalake at si Eba ang unang babae.  
Ang Diyos ay patuloy at magpapatuloy sa paglikha ng marami pang mga bagay.

IKA-LIMANG KABANATA (CHAPTER V)  
**ANG MGA KALULUWA NI KRISTO AT NI MARIA**

1. Nilikha ng Diyos ang Kaluluwa ni Kristo kaisa sa Pangalawang Persona ng Santisima Trinidad -Ang Banal na Salita-Ang Diyos Anak.  
Ang Kaluluwa ni Kristo ay nilikha na may sukdulang pagkapuno ng Grasya at kakayahang makita ang Diyos.
2. Nilikha ng Diyos ang Kaluluwa ni Maria kasama ng Kaluluwa ni Kristo. Ang Kaluluwa ni Maria ay nilikha na may pagkapuno ng Grasya at kakayahang makita ang Diyos.
3. Ang Kaluluwa ni Kristo at ang Kaluluwa ni Maria ay walang katawang anyo buhat sa paglikha sa Kanila, hanggang sa maging tao Sila makalipas ang ilang libong taon.

IKA-ANIM NA KABANATA (CHAPTER VI)  
**ANG MGA ANGHEL**

1. Ang mga Anghel ay nilalang na may katangiang espiritwal, nilikha ng Diyos ayon sa Kanyang anyo at wangis.  
Nilikha ang mga Anghel na pinagkalooban ng Grasya, at kakayahang makita ang Diyos.
2. Matapos malikha ang mga Anghel, sinubok ng Diyos ang kanilang katapatan.  
Isa sa tatlong bahagi ng mga Anghel ay lumaban sa Diyos, at kung kaya pinarusahan sila habang panahon ng Impiyerno, at sila ay naging mga demonyo.  
Ang mga natirang Anghel ay naging tapat sa Diyos, kung kaya't sila ay walang katapusang nagdiriwang sa Langit.
3. Ang mabubuting mga Anghel ay palaging nagmamahal at nagpupuri sa Diyos at nangangalaga sa mga tao.  
Nakahihigit sa lahat na bumubuo ng koro ng mga anghel ay ang pitong Arkanghel, si San Miguel ang Prinsipe ng lahat ng mga nasa langit.
4. Ang masasamang anghel o ang mga demonyo ay kinasusuklaman ang Diyos, at tinutukso ang mga tao para sila ay magkasala at makondena. Si Lucifer ang pinuno ng lahat ng mga demonyo.
5. Ang bawat tao ay may gumagabay na Anghel na itinalaga ng Diyos.

IKA-PITONG KABANATA (CHAPTER VII)  
**ANG MATERYAL NA SANDAIGDIGAN**

Nilikha ng Diyos ang lahat ng mga materyal na bagay sa Sandaigdigan na klasipikado sa tatlong magkakaibang mga kaharian: mineral, halaman at hayop.

IKA-WALONG KABANATA (CHAPTER VIII)  
**ANG TAO**

1. Ang tao ay binubuo ng tatlong mga elemento:  
Ang kaluluwa, espiritwal at walang kamatayan.  
Ang esensyal na katawan, na kung saan ito ay espiritwal na bagay.  
Ang aksidental o pisikal na katawan, na gawa sa purong materyal.  
Ang kaluluwa ng tao ay isang espiritwal at imortal na materyal na nilikha ng Diyos ayon sa Kanyang imahen at wangis.  
Sa iglap lamang ng pagkalikha ng Diyos, ang kaluluwa ay isinanib Niya sa panahon na magkaroon ng buhay ang bawat tao, na kung saan ay binibigyan ang tao ng natural na buhay.
2. Ang kaluluwa ng tao ay may tatlong kapangyarihan: pang-unawa, memorya at kaisipan.  
Ang pang-unawa ay para makilala ang Diyos.  
Ang memorya ay para matandaan ang Kanyang mga Banal na Batas at ang mga benepisyo na natatanggap natin mula sa Kanya.  
Ang kaisipan ay para sa pagmamahal sa Diyos at para gawin ang Kanyang Banal na Kalooban.
3. Tayong lahat ng tao ay natanggap ang ating esensyal at aksidental na mga katawan buhat sa ating mga magulang.  
Ang esensyal na katawan at ang aksidental na katawan ay parehong taglay ang limang pandama, na mga: paningin, pandinig, pang-amoy, panlasa at pakiramdam.

IKA-SIYAM NA KABANATA (CHAPTER IX)  
**ANG UNANG LALAKE AT ANG UNANG BABAE**

1. Nilikha ng Diyos ang unang lalake, si Adan, at ang unang babae, si Eba.  
Sina Adan at Eba ay nilikha na kaloob ang Grasya at kakayahang makita ang Diyos.
2. Ginusto ng Diyos na ang ating unang mga magulang ay manirahan sa pinakamagandang bahagi ng Paraiso sa mundo.
3. Matapos silang malikha, binigyan ng Diyos ng pagsubok sa kanilang katapatan sina Adan at Eba. Ngunit hindi naging tapat sina Adan at Eba sa pagsubok na ibinigay ng Diyos sa kanila, dahil nagpadala sila sa tukso ng demonyo, sinuway nila ang kanilang Maylikha at nagkasala ng napakalaki.  
Ang pagsuway ng ating unang mga magulang ay ang orihinal na kasalanan.  
Dahil sa kanilang kasalanan ang ating unang mga magulang ay nawalan ng grasya at nahulog sila sa ilalim ng pag-aalipin ni Satanas.
4. Sa oras na magkaroon ng buhay ang lahat ng tao ay namana na ang orihinal na kasalanan ng ating unang mga magulang. Kung kaya ang tao, habang siya ay nabubuhay dito sa mundo, ay malapit sa kasamaan at sa kasalanan; dagdag pa rito, siya ay kailangang sumailalim sa kamatayan, sa pagdurusa, sa pagkakasakit at sa marami pang ibang mga kamalasan.
5. Nilikha ng Diyos ang tao para Siya ay pagsilbihan ng buong katapatan at para pagdating ng araw ay matamasa niya ang Kaluwalhatian sa langit.

IKA-SAMPUNG KABANATA (CHAPTER X)

**DIYOS ANG TAGAPAGLIGTAS**

1. Ipinadala ng Diyos Ama sa atin ang Kanyang Banal na Anak na si Hesukristo para palayain tayo sa pagkakaalipin sa kasalanan at para ibalik sa atin ang Grasyang Nagpapabanal, na nawala ng ating unang mga magulang sa Paraiso.
2. Ang Sakripisyo ni Kristo at ni Maria sa Kalbaryo ay ginawang posible ang pagdaloy ng mga grasya na naging daan upang makamit natin ang kaligtasan, sa pamamagitan na rin ng ating mabubuting gawa.  
Ang ating mabubuting gawa ay lubos na kailangan para sa ating kaligtasan.

IKA-LABING ISANG KABANATA (CHAPTER XI)

**DIYOS ANG NAGPAPABANAL**

1. Ang kabanalan ng tao ay gawa ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng Kanyang presensya sa kaluluwa, na kung saan ito ay nagiging buhay na Templo ng Santisima Trinidad.  
Ang mga kaluluwa ay nasa Grasya kapag ang Espiritu Santo, na ang Grasyang Nagpapabanal, ay namamahay sa kanila; kung kaya tayo ay mga anak ng Diyos at mga tagapagmana ng Kanyang kaluwalhatian.  
Ang Grasyang Nagpapabanal ay ginagawa tayong matuwid, banal at kaaya-aya sa Diyos at nararapat sa buhay na walang hanggan.
2. Ibinibigay ng Diyos sa bawat tao ang mga grasyang kinakailangan para sa kaligtasan.

IKA-LABINGDALAWANG KABANATA (CHAPTER XII)

**ANG ATING PANGINOONG HESUKRISTO**

1. Sa Tatlong Persona ng Diyos, Ama, Anak at Espiritu Santo, ang Ikalawang Persona, ang Anak ng Diyos o ang Banal na Salita, ang naging Tao.  
Ang Anak ng Diyos, na tinatawag na Kristo, maliban sa pagiging totoong Diyos, ay totoong Tao.
2. Sa Pagkakatawang Tao ng Banal na Salita, si Kristo ay nakatanggap ng maluwalhating Katawan, walang hanggan ang kabanalan at nararapat sambahin.  
Ang Pagkakatawang Tao ng Banal na Salita sa Malinis na Sinapupunan ng Birheng Maria ay nangyari kung saan: sa Pinakapurong Dugo ni Maria ang Espiritu Santo ay himalang binuo ang pinakaperpektong Katawan ng isang Bata; at sa parehong pangyayari ang Banal na Salita at ang Pinakabanal na Kaluluwa ay napag-isa sa naturang Katawan.

- Dahil dito ang Katawan ni Kristo ay naging tao sa Sinapupunan ni Maria, hindi sa pamamagitan ng tao, kundi sa pamamagitan ng Kilos at Grasya ng Espiritu Santo.
- Ang Kaluluwa at Katawan ni Kristo ay hindi mapaghihiwalay na kaisa sa Banal na Salita.
3. Si Kristo ay ipinanganak ng Birheng Maria, himalang lumabas galing sa Kanyang Ina na parang sinag ng araw na dumaan sa kristal nang hindi man lang nabasag o nabahiran ito.  
Ipinanganak si Kristo sa Bethlehem sa Judah noong ika-25 ng Disyembre taong 5199 ng Pagkalikha ng mundo.
  4. Sa Ating Panginoong Hesukristo ay may:  
Dalawang katalagahan, ang Pagka-Diyos dahil Siya ay Diyos; at ang pagkatao dahil Siya rin ay Tao:  
Nag-iisang Katauhan, ang Pagka-Diyos;  
Dalawang pang-unawa, ang Pagka-Diyos at ang pagkatao;  
Dalawang kaisipan, ang Pagka-Diyos at ang pagkatao;  
Isang memorya, ang pagiging tao, dahil bilang Diyos ang lahat ng bagay sa Kanya ay pangkasalukuyan.  
Isang Katawan, na gawa sa isang materyal na katulad ng aksidental na katawan ng isang tao.
  5. Ang Anak ng Diyos na naging Tao ay tinatawag na:  
Kristo, ibig sabihin ay pinili, dahil sa Siya ang Eternal na Pinakapinunong Pari;  
Hesus, ibig sabihin, Tagapagligtas;  
Hesukristo, ang dalawang Pangalan ay pinagsama.
  6. Ang Kabanalan ni Kristo ay walang hanggan, bilang Diyos at bilang Tao.
  7. Ang buhay, doktrina at mga himala ng Ating Panginoong Hesukristo ay napapaloob sa Banal na Ebanghelyo, na sinulat nina San Mateo, San Markus, San Lukas at San Juan.
  8. Si Kristo sa Kanyang buhay, doktrina at mga himala, ay nagbigay ng katibayan na Siya ay ang Anak ng Diyos.

#### IKA-LABINGTATLONG KABANATA (CHAPTER XIII)

##### **ANG PINAKABANAL NA BIRHENG MARIA**

1. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay Anak ng Diyos Ama, Ina ng Diyos Anak, Esposo ng Diyos Espiritu Santo, at Templo at Tabernakulo ng Santisima Trinidad.
2. Si Maria, sa Imakuladang Paglilihi sa Kanya, ay natanggap Niya ang Kanyang esensyal na Katawan at ang Kanyang aksidental na Katawan, na kaisa sa Kanyang Kaluluwa.
3. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay Malinis dahil Siya ay ipinaglihi na walang orihinal na kasalanan at malaya sa lahat ng bahid ng personal na kasalanan. Si Maria ay *Irredeemed* o hindi na dapat tubusin dahil Siya na hindi marunong ng kasalanan ay hindi maaaring tubusin.
4. Ang esensyal na Katawan ni Maria at ang Kanyang aksidental na Katawan, sa sandali ng Malinis na Paglilihi o *Immaculate Conception* sa Kanya, ay pinakaperpekto, pinakamaganda, maluwalhati at malinis.
5. Si Maria ay nakahihigit sa kabanalan sa lahat ng mga Anghel at mga Santo na pinagsama-sama.
6. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay:  
Totoong Ina ng Diyos.  
Perpetwal o laging Birhen, sapagkat Siya ay birhen bago manganak, sa panganganak, at matapos manganak.  
Ating Ina.  
*Co-Priest* o Katuwang na Pari ni Kristo.  
Tagapamagitan ng Sandaigdigan, dahil ang lahat ng Grasya ng kaligtasan ay kailangang dumaan sa Kanya.  
Reyna ng Sandaigdigan.

#### IKA-LABING APAT NA KABANATA (CHAPTER XIV)

##### **PINAKABANAL NA SAN JOSE**

1. Siya ang Birheng Kabiyak ni Maria at Legal at Birheng Ama ni Hesus.

2. Noong nasa mundo pa si San Jose ay siya ang Pinuno ng Banal na Pamilya at Tagapag-alaga ni Hesus at ni Maria.
3. Ayon sa itinakda ng Diyos, si San Jose kailanman ay hindi nagkasala, at siya ay pinakaperpektong modelo sa lahat ng katangian.
4. Sumunod kay Maria, si San Jose ang pinakamataas ang kalagayan sa Langit sa lahat ng mga Anghel at mga Santong pinagsama-sama.
5. Si San Jose ay Unibersal na *Co-Mediator* o Katuwang na Tagapamagitan ng lahat ng grasya at kung kaya't hindi pwedeng balewalain para sa ating kaligtasan.
6. Sa katulad na paraan kung paano tayo pumunta kay Hesus sa pamamagitan ni Maria, kay Maria kailangan nating pumunta sa pamamagitan ni San Jose.

IKA-LABINGLIMANG KABANATA (CHAPTER XV)

**ANG PAGIGING ISA NI KRISTO AT NI MARIA**

1. Si Kristo at si Maria ay pinag-isa:  
 Ang Kaluluwa ni Kristo kasama ang Kaluluwa ni Maria: Pagiging Isa ng mga Banal na Kaluluwa.  
 Ang Katawan ni Kristo kasama ang Katawan ni Maria: Pagiging Isa ng Pinakasagradong mga Puso.  
 Ang Dugo ni Kristo kasama ang Dugo ni Maria: Pagiging Isa ng Pinakasagradong Dugo.
2. Sa pamamagitan ng pagiging isa nila, si Kristo ay na kay Maria, at si Maria kay Kristo.

IKA-LABING ANIM NA KABANATA (CHAPTER XVI)

**ANG PAGSASAGAWA NG REPARASYON AT REDEMPSYON**

1. Ang Ating Panginoong Hesukristo, ang Reparador at Tagapagtubos, sa pamamagitan ng Kanyang Buhay, Pasyon at Kamatayan sa Krus, ay ginawa ang reparasyon sa Eternal na Ama at tinubos ang Sangkatauhan.  
 Sa pamamagitan nito Kanyang napanalunan ang mga grasyang kinakailangan para sa ating kaligtasan, kapag ginusto natin ito.  
 Ninais ni Kristo na mamatay para sa atin nang maging malaya tayo sa pagkakaalipin sa kasalanan at sa pagdurusa sa Impyerno.  
 Inako ni Hesus ang kamatayan sa Krus dahil, sa pagiging lubhang kahiya-hiya at malungkot, iyon ay para sa ating benepisyo ang pinakamalaking merito at maluwalhati.
2. Namatay si Kristo sa Krus nang maghiwalay ang Kanyang Kaluluwa sa Kanyang Katawan.
3. Isang oras matapos ang Kanyang kamatayan, ang Banal na Tagiliran ni Kristo ay tinusok ng lanseta, at tumulo ang huling Patak ng Dugong natitira sa Kanya.
4. Ang Kaluluwa, ang Katawan at ang Dugo ni Kristo, habang magkakahiwalay sa isa't isa, ay nanatiling magkakasama sa pagka-Diyos.
5. Nang ang Tagiliran ni Kristo ay tinusok ng lanseta, ang Pinakabanal na si Maria ay espiritwal na namatay sa paanan ng Krus, ang Kanyang Imakuladang Puso ay tinusok din. Sa pamamagitan nito ay nagampanan ni Maria ang Kanyang hindi maiwawaksing partisipasyon sa gawaing Reparasyon sa Ama at Pagtubos sa sangkatauhan.
6. Ang Sakripisyo ni Kristo at ni Maria sa Kalbaryo ay walang hanggan ang halaga.

IKA-LABINGPITONG KABANATA (CHAPTER XVII)

**ANG MULING PAGKABUHAY AT PAG-AKYAT SA LANGIT  
 NI KRISTO. ANG PAG-AKYAT SA LANGIT NI MARIA**

1. Ang Ating Panginoong Hesukristo ay bumangon galing sa kamatayan sa pangatlong araw, iyon ay, Linggo makaraan ang Kanyang pagkamatay. Ang Kanyang Muling Pagkabuhay ay naganap nang sumanib muli ang Kanyang Katawan at Dugo sa Kanyang Kaluluwa, umalis sa libingan buhay at maluwalhati, hindi na muling mamamatay.
2. Apatnapung araw matapos ang Kanyang maluwalhating Muling Pagkabuhay, si Kristo ay umakyat sa Langit sa pamamagitan ng Kanyang makadiyos na kapangyarihan. Si Kristo ay nasa Langit, bilang Diyos, na may parehong kaluwalhatian sa Ama at sa Espiritu Santo; at bilang Tao, may sukdulang kalubusang pagkaluwalhati, kung saan walang nilalang ang makaaabot.



3. Matapos ang Pag-akyat sa Langit ni Kristo, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay naiwan sa Lupa para gabayan ang Simbahan sa mahirap nitong simula.
4. Ang Pinakabanal na Birheng Maria, hindi naghirap sa kamatayan ng katawan, Natulog lamang nang Mababaw; at nang magising, umakyat sa Langit ang Katawan at Kaluluwa.
5. Ang Santisima Trinidad ay kinoronahan si Maria bilang Reyna at Namumuno ng Langit at Lupa.

#### IKA-LABING WALONG KABANATA (CHAPTER XVIII)

### ANG MAPAGBIGAY NA REGALO NI KRISTO

#### AT NI MARIA SA KALBARYO

1. Si Kristo, sa Kalbaryo, ay ipinagkatiwala sa Kanyang Simbahan ang Bahagi ng Kanyang Makadiyos na Puso at Patak ng Pinakamalinis na Dugo ni Maria.  
 Sa bahagi ng Puso ni Kristo ay namamahay ang bahagi ng Puso ni Maria.  
 Sa bahagi ng Puso ni Kristo, si Kristo at si Maria ay presente.  
 Sa Patak ng Dugo ni Maria, ay namamahay ang Patak ng Dugo ni Kristo.  
 Sa Patak ng Dugo ni Maria, si Kristo at si Maria ay presente.
2. Ang miyembro ng Simbahan ay nasa estado ng Grasya kapag siya ay mayroong Patak ng Dugo ni Maria, dahil si Kristo at si Maria ay namamahay sa kanyang kaluluwa, at kung ganoon pati na rin ang Ama at ang Espiritu Santo.
3. Kapag ang miyembro ng Simbahan na nasa estado ng Grasya ay mayroong Bahagi ng Puso ni Kristo, si Kristo at si Maria ay namamahay rin sa kanyang kaluluwa.
4. Ang miyembro ng Simbahan na nasa estado ng Grasya ay kaisa kay Kristo at kay Maria; at kung ganoon sa Ama at sa Espiritu Santo.

#### IKA-LABINGSIYAM NA KABANATA (CHAPTER XIX)

### ANG SIMBAHAN AT ANG KANYANG MISION NG PAGLILIGTAS

1. Itinatag ni Kristo ang Kanyang Simbahan para ipagpatuloy sa pamamagitan Niya ang Kanyang gawaing pagliligtas sa sangkatauhan. Binigyan ni Kristo ng kapangyarihan ang Kanyang Simbahan na magturo, gumawa ng kabanalan at mamuno.
2. Ang Simbahan o Mistikal na Katawan ni Kristo ay binubuo ng:  
 Ang Simbahang Maluwalhati: ang mga Banal sa Langit.  
 Ang Simbahang Nagdurusa: ang mga Banal na Kaluluwa sa Purgatoryo.  
 Ang Simbahang Umaasa: ang mga Bata sa Limbo.  
 Ang Simbahang Militante: ang mga mananampalataya na naglalakbay sa daigdig, sa ilalim ng pamamalakad ng Papa.
3. Ang lahat na miyembro ng Simbahan na nasa estado ng Grasya ay bumubuo ng isang Katawan kasama si Kristo, na Siyang Ulo, sa pamamagitan ni Maria, na Siyang Leeg.
4. Ang Pagkakaisa ng mga Banal ay ang pagbabahagian ng mga grasya o espiritwal na mga bagay sa bawat miyembro ng Mistikal na Katawan ni Kristo.

#### IKA-DALAWAMPUNG KABANATA (CHAPTER XX)

### ANG SIMBAHAN, TANGING IMBAKAN NG KATOTOHANAN

1. Ang tunay na Simbahan ay ang tanging may-ari at tagapagturo ng katotohanan.
2. Ang mananampalataya ng tunay na Simbahan ay ang taong bininyagan at miyembro niya.
3. Ang mananampalataya ng tunay na Simbahan ay kailangang maniwala sa lahat ng kanyang itinuturo at sumunod sa lahat ng kanyang ipinatutupad.
4. Para maniwala, kailangan ang Pananampalataya, dahil ang Pananampalataya ay matatag na paniniwala sa katotohanan ng mga bagay na hindi natin nakikita.
5. Para maligtas kinakailangang maniwala at kumilos ayon sa katotohanan na itinuturo ng Simbahan. Nakapaloob ang pundamental na katotohanan ng ating Banal na Katolikong Pananampalataya sa *Palmarian Creed* o Kredo ng Palmaryano.
6. Iyong mga itinatangi ang ano mang katotohanan ng Pananampalataya ay labas sa Simbahan at kung ganoon ay ekskomunikado.

7. Nasa ilalim din ng ekskomunikasyon ay ang mga miyembro ng Simbahan na hindi sumusunod sa ano mang ipinatutupad ng kanyang herarkiya na nasasaklaw nito. Habang hindi sila nagsisisi at hindi sila pinatatawad ng Simbahan, hindi sila pwedeng tumanggap ng mga Sakramento o dumalo sa pagsamba.

**IKA-DALAWAMPU'T ISANG KABANATA (CHAPTER XXI)**  
**MGA PALATANDAAN NG TUNAY NA SIMBAHAN**

1. Ang Simbahan ni Kristo ay Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryano.
2. Ang tunay na Simbahan ni Kristo ay hindi matatalo at hindi masisira dahil sa pangako ng Banal na Nagtatag sa Kanya: “Ang lagusan ng Impiyerno ay hindi magtatagumpay laban sa kanya.”
3. Ang tunay na Simbahan ni Kristo ay tinatawag ding ‘*Palmarian Christian Church of the Carmelites of the Holy Face.*’

**IKA-DALAWAMPU'T DALAWANG KABANATA (CHAPTER XXII)**  
**ANG HERARKIYA NG SIMBAHAN**

1. Ang Papa ay:  
Soberanyang Papa.  
Kahalili o Bikaryo ni Kristo sa Mundo.  
Pinakamataas na Pinuno o Nakikitang Pinuno ng Simbahan.
2. Ang Papa ay Hindi Nagkakamaling Maestro ng katotohanan, kung saan ay nararapat lamang na ibigay ang buong pagsasailalim at pagsunod.  
Siya ay hindi nagkakamali sapagkat siya ay nagtuturo ng katotohanan ng Pananampalataya nang walang anumang mali, sapagkat siya ay ginagabayan ng Espiritu Santo ayon sa pangako ni Kristo.
3. Bilang kinatawan ni Kristo, ang Papa ay may pinakamataas na espiritwal at temporal na kapangyarihan sa Mundo.
4. Ang Militanteng Simbahan ay pinamumunuan ng Papa, ngayon ay ang Palmaryanong Soberanyang Papa at ng mga Obispo sa ilalim ng kanyang pamumuno at kaisa niya.
5. Sinumang hindi sumailalim sa kapangyarihan ng Papa ay nasa labas ng Simbahan at sa gayon ay ekskomunikado.

**IKA-DALAWAMPU'T TATLONG KABANATA (CHAPTER XXIII)**  
**BANAL NA MISA, PAMAMALAGI NG SAKRIPISYO SA KALBARYO**

1. Ang Sakripisyo ng Misa ay tunay at totoong pareho sa Sakripisyo ng Kalbaryo o Sakripisyo sa Krus.
2. Ang Banal na Sakripisyo ng Misa ay walang hanggan ang halaga.
3. Ang Banal na Misa sa gayon, ay ang Sakripisyo ng Katawan at Dugo ni Kristo at ng Katawan at Dugo ni Maria, na iniaalay sa Eternal na Ama sa pamamagitan ng Pari sa altar sa ilalim ng uri ng tinapay at alak, sa pamamalagi ng Sakripisyo sa Krus.
4. Ang Banal na Sakripisyo ng Misa ay iniaalay sa Diyos sa mga sumusunod na prinsipal na dahilan: para sambahin Siya, para magpasalamat sa Kanya, para gawan ng reparasyon at magbigay ng kabayaran sa ating mga kasalanan sa Kanya, at para magdasal para sa mga buhay at mga patay.
5. Ang Banal na Misa ay ang pinakahihigit na regalo na maaaring ialay sa Diyos; at lubos na kinakailangan upang ang ating mga panalangin at mga sakripisyo ay tanggapin Niya. Kapag wala ang Banal na Misa, ang mga grasya ay hindi dadaloy sa Simbahan.

**IKA-DALAWAMPU'T APAT NA KABANATA (CHAPTER XXIV)**  
**BANAL NA MISA AT ANG KANYANG TATLONG MAHAHALAGANG BAHAGI**

- Ang Banal na Sakripisyo ng Misa ay may tatlong mahahalagang bahagi: una, ang Opertoryo; pangalawa, ang Konsagrasyon; at pangatlo, ang Sakripisyal na Komunyon.
1. *Sa Opertoryo*, ang Pari na Nagdaraos, ay iniaalay si Kristo at si Maria at, sa parehong pagkakataon ang sarili niya at ang buong Simbahan.

2. *Sa Konsagrasyon*, ang Pari na Nagdaraos, sa pamamagitan ng mga salitang pangkonsagra, ang tinapay ay nagagawang Katawan ni Kristo at ang alak ay Dugo ni Kristo.  
Sa konsagradong Ostiya ay tunay at totoong presente: si Kristo, sa Katawan, Dugo, Kaluluwa at Pagiging Diyos; at si Maria sa Katawan, Dugo at Kaluluwa.  
Sa konsagradong Alak, ay tunay at totoong presente: si Kristo sa Dugo, Katawan, Kaluluwa at Pagiging Diyos; at si Maria sa Dugo, Katawan at Kaluluwa.  
Dahil si Kristo ay presente sa Sagradong Ostiya at sa Pinakamahal na Dugo, ang Ama at ang Espiritu Santo ay tunay at totoong presente din.
3. *Ang Sakripisyal na Komunyon* ay kapag ang Pari ay kinain ang Sagradong Ostiya at ininom ang Pinakamahal na Dugo sa Kalis.

**IKA-DALAWAMPU'T LIMANG KABANATA (CHAPTER XXV)  
ANG BANAL NA MGA SAKRAMENTO NG SIMBAHAN**

1. Itinatag ni Kristo ang pitong Sakramento: Pagbinyag, Pagkumpil, Pagkumpisal, Pagkomunyon, Pag-ulyo, Pagpari at Pagkasal.
2. Ang mga Sakramento ay nakikitang palatandaan upang ipaabot ang Grasyang Nagpapabanal o *Sanctifying Grace* at iba pang espesyal na grasya sa atin.
3. Sa lahat ng pitong mga Sakramento:  
Ang Pagbinyag, Pagkumpil at ang Pagpari ay nag-iiwan ng karakter o palatandaan, kaya sila ay natatanggap nang minsan lamang. Ang karakter o palatandaan ng bawat Sakramentong ito ay ang hugis ng Krus na hindi mabubura nakatatak sa ating kaluluwa kapag ang bawat isa sa tatlong mga Sakramentong ito ay ating natanggap.  
Ang Pagkumpisal, Pagkomunyon, Pag-ulyo at Pagkasal ay hindi nag-iiwan ng karakter o palatandaan, kaya pwede silang matanggap ng higit sa isang beses.
4. Ang mga Sakramento ng mga buhay ay ang mga:  
Pagkumpil, Pagkomunyon, Pag-ulyo Pagpari at Pagkasal, dahil sila ay dapat tinatanggap na nasa Estado ng Grasya.
5. Ang mga Sakramento ng mga patay ay ang mga:  
Pagbinyag at Pagkumpisal, dahil sila ay ginawa para magbigay ng Grasyang Nagpapabanal, ang supernatural na buhay ng kaluluwa.

**IKA-DALAWAMPU'T ANIM NA KABANATA (CHAPTER XXVI)  
ANG BANAL NA SAKRAMENTO NG PAGBINYAG**

1. Ang Pagbinyag ay espiritwal na pagkasilang sa buhay ng Grasya; sa pamamagitan nito ay binibigyan tayo ng banal na pakikisapi at dignidad ng mga Kristiyano.  
Ang Pagbinyag ay obligado para sa lahat ng tao at hindi dapat mawala para sa walang hanggang kaligtasan.  
Ang Pagbinyag ay nililinis ang kaluluwa sa orihinal na kasalanan. Sa karagdagan, ang sinumang makatanggap ng Pagbinyag na nasa tamang edad, ay nalilinis sa kahit na anong personal na kasalanan na mayroon siya, pati na rin ang orihinal na kasalanan.
2. Sa Pagbinyag ay natatanggap ang Patak ng Dugo ni Maria, at sa gayon, ang Grasyang Nagpapabanal na ang Espiritu Santo.  
Ang Patak ng Dugo ni Maria ay nawawala sa pamamagitan ng mortal o malaking kasalanan at naibabalik muli sa pamamagitan ng Pagkumpisal.
3. Ang mga Pari ay ang ordinaryong mga ministro ng Sakramento ng Pagbinyag, at kung gayon sila ang pinagkatiwalaang magsagawa nito.

**IKA-DALAWAMPU'T PITONG KABANATA (CHAPTER XXVII)  
ANG BANAL NA SAKRAMENTO NG PAGKOMPIL**

1. Ang Pagkumpil ay ang walang katumbas na pagdagdag ng Grasya na natanggap sa Pagbinyag.
2. Sa Pagkumpil ay nakatatanggap ng dagdag ng Patak ng Dugo ni Maria, at kung ganoon ay nagkakaroon ng mas malaking pagkapuno ng Espiritu Santo.
3. Ang Pagkumpil ay lalong pinalalakas ang kaluluwa at ginagawa tayong mga sundalo ni Kristo.

4. Ang Pagkompil ay dapat tanggapin na nasa estado ng Grasya, dahil sinuman ang tumanggap nito na may kasalanang mortal ay nakagagawa ng sakrilihiyo.
5. Ang mga Obispo ay ang ordinaryong mga ministro ng Sakramento ng Pagkompil.

#### IKA-DALAWAMPU'T WALONG KABANATA (CHAPTER XXVIII)

### ANG BANAL NA SAKRAMENTO NG PAGKUMPISAL

1. Ito ay ang Sakramentong nagpapatawad ng mga kasalanang nagawa pagkatapos na mabinyagan. Kung ang taong nagkumpisal ay may kasalanang mortal, muli niyang matatanggap ang Patak ng Dugo ni Maria, at kung ganoon ay ang Grasyang Nagpapabanal. Kung siya ay walang kasalanang mortal, siya ay makatatanggap ng karagdagan ng Patak na iyon. Hindi lamang ang pagpapatawad ng kasalanan, ang Pagkumpisal ay mas pinalalakas ang kaluluwa laban sa panganib ng pagkakasala.
2. Ang mga Pari ay ang mga ministro ng Sakramento ng Pagkumpisal.
3. Para magkaroon ng maayos na pagkumpisal limang bagay ang kinakailangan: pag-eksamin ng konsensiya, lungkot sa kasalanan, intensyon ng pagbabago, pagsasabi ng kasalanan sa Konfesor at pagsasagawa ng penitensya o kaukulang parusa sa kasalanan.

Ang pag-eksamin ng konsensya ay pag-alaala sa lahat ng kasalanang nagawa matapos ang huling maayos na pagkumpisal.

Ang eksaminasyon ay kailangang gawin sa pagkokonsidera ng:

Ang Mga Kautusan ng Batas ng Diyos,  
ang Mga Kautusan ng Banal na Inang Simbahan,  
pangunahing mga kasalanan,  
pagsasakatuparan ng mga Pamantayan na ibinigay ng Simbahan,  
at ang personal na tungkulin ng bawat isa.

Ang pagkalungkot para sa kasalanan ay ang kontrisyon o pagsisisi, pwedeng ito ay perpekto o hindi perpekto.

Ang perpektong kontrisyon ay taos pusong pagkalungkot sa pagkakasala sa Diyos dahil Siya ay walang katumbas ang kabutihan at nararapat sa ating pagmamahal.

Ang hindi perpektong kontrisyon, na tinatawag na atrisyon, ay ang lungkot sa pagkakasala sa Diyos dahil sa takot sa Kanyang Walang Katapusang Hustisya, dahil maaari Niya tayong parusahan dito sa mundo o sa kabilang buhay.

Para magkaroon ng maayos na pagkumpisal, kahit hindi perpektong kontrisyon, o atrisyon, ay kinakailangan.

Ang intensyon ng pagbabago ay ang matibay na resolba o intensyon na hindi na muling magkasala. Sa intensyon ng pagbabago ay kasabay ang intensyon o resolba na lumayo sa mga okasyon ng kasalanan.

Pagsasabi ng kasalanan sa Konfesor:

Lahat ng kasalanang mortal sa pag-iisip, salita, gawa, mithiin at pagsasawalang bahala ay kailangang sabihin, nang walang balak na sadyang itago kahit anong kasalanan.

Ang pagsasagawa ng penitensya ay ang pagdarasal o paggawa ng mabubuting gawain na ipinagagawa ng Konfesor sa nagkumpisal para sa kabayaran sa kanyang mga kasalanan.

Ang tungkuling ito ay kailangang gawin sa lalong madaling panahon.

4. Sinuman ang nakagawa ng masamang pagkumpisal, hindi lamang sa hindi siya napatawad sa kanyang mga kasalanan, siya ay nakagawa pa ng sakrilihiyong kasalanan.

Ang pagkumpisal ay nagawa ng masama:

Kapag ang kasalanang mortal ay sadyang itinago.

Kapag ang nagkumpisal ay walang kahit man lang atrisyon para sa kasalanan niya, o walang intensyon ng pagbabago o pag-iwas sa mga okasyon ng pagkakasala.

Kapag mayroong nauna nang intensyon na hindi isagawa ang penitensya na ibinigay ng Konfesor.

5. Sinumang makalimot na sabihin ang mortal na kasalanan, kahit ang pagkumpisal ay balido o tanggap, kailangan pa ring sabihin ito sa susunod na pagkumpisal.
6. Ang perpektong kontrisyon ay nakapagpapatawad ng mortal na kasalanan, kapag ang nagkasala ay may matatag na kagustuhang ikumpisal ito sa lalong madaling panahon at baguhin ang kanyang pamamaraan ng pamumuhay.
7. Walang obligasyon na ikumpisal ang maliliit o venial na kasalanan, subalit ipinapayo pa rin na gawin ito.
8. Ang palagiang pagkumpisal ay ipinapayo at kapaki-pakinabang.

#### **Palmaryang Seremonya sa Banal na Sakramento ng Pagkumpisal**

Ang magkukumpisal, bago pumunta sa kumpisinaryo, ay luluhod muna sa Kapilya o sa Simbahan, magkukrus sa sarili, at pribado, taimtim, magdarasal ng *“My Lord Jesus Christ.”*

Kasunod nito, siya ay pupunta sa kumpisinaryo, kung saan siya ay luluhod, at una sa lahat ay sasabihin sa lokal na lenggwahe ang *“Hail Mary Most Pure”*. Dito ang Konfesor ay sasagot ng *“Sine labe originali concepta”*.

Matapos ito, ang nagkukumpisal ay magsisimula sa pamamagitan ng pagsasabi kung kailan ang kanyang huling pagkumpisal at agad niyang sasabihin sa Pari ang lahat ng kanyang kasalanan, na kung saan, matapos marinig ang pagkumpisal, bibigyan siya nito ng matalino at banal na mga payo; at saka ibibigay ang nararapat na penance o parusa sa kanyang kasalanan.

Matapos ito, ang Konfesor ay iaabsolbo o patatawarin siya sa pamamagitan ng pagbigkas ng pormula ng absolusyon o pagpapatawad.

Pagkatapos na maabsolbo, ang nagkumpisal, siya ay sasagot sa lokal na lenggwahe *“Thank you, Father”*. At sasagot naman ang Konfesor ng *“vade in pace”*. Pagkatapos nito agad nang aalis sa kumpisinaryo ang nagkumpisal.

#### **IKA-DALAWAMPU’T SIYAM NA KABANATA (CHAPTER XXIX)**

#### **ANG BANAL NA SAKRAMENTO NG KOMUNYON**

1. Ito ay ang pagtanggap ng Banal na Eyokaristiya para sa pagkain ng ating kaluluwa, para sa pagdagdag ng Grasya at para sa mas higit na pakikiisa sa Diyos.  
Hindi posible sa tao na magpatuloy sa estado ng Grasya kung wala ang supernatural na pagkain ng Banal na Eyokaristiya.
2. Ang Pari ang ministro ng Sakramento ng Komunyong at sa gayon siya lamang ang nararapat na magsagawa Nito sa mga mananampalataya.
3. Sa Sagradong Ostiya ay natatanggap, katulad ng alam natin:  
Si Kristo sa Kanyang Katawan, Dugo, Kaluluwa at Pagka-Diyos; at kung kaya ang Ama at ang Espiritu Santo ay gayon din.  
Si Maria sa Katawan, Dugo at Kaluluwa.
4. Sinuman ang makatanggap ng maliit na hati o parte ng Sagradong Ostiya ay natatanggap din si Kristo at si Maria nang buo at kompleto.
5. Ang Banal na Komunyong ay kailangang tanggapin na nasa estado ng Grasya, dahil kung sino man ang tumanggap Nito na may mortal na kasalanan ay makagagawa ng sakrilihiyo.  
Sa karagdagan, ang Banal na Komunyong ay kailangang tanggapin sa dila at nang nakaluhod, nang may pagmamahal, pagpapakumbaba, debosyon at paggalang, sapagkat ito ay ang Diyos Mismo, na ating tinanggap.
6. Ang presensya ni Kristo at ni Maria sa Sagradong Ostiya ay nawawala kapag ang Ostiya ay nakarating na sa lalamunan ng nagkomunyong, na tinanggap Ito sa kanyang puso, kung Ito ay wala pa sa kanya, ang maliit na Parte ng Maka-Diyos na Puso ni Kristo, o ang pagdagdag Nito kung mayroon na siya.
7. Ang pananahan ng maliit na Parte ng Puso ni Kristo ay nawawala ng mortal na kasalanan, at naibabalik muli sa pamamagitan ng pagtanggap muli nang maayos na Komunyong.

8. Kahit sa pamamagitan ng perpektong kontrisyon ay napatatawad ang mortal na kasalanan, ganoon pa man, para makatanggap ng Banal na Komunyong ay nararapat na ikumpisal muna ang mga ito.
9. Para makatanggap ng Banal na Komunyong ay mayroong obligasyon, sa ilalim ng mortal na kasalanan, na maging presente sa kompletong bahagi o bilang ng mga Misa kung saan isinasagawa ang Banal na Komunyong.

**IKA-TATLUMPUNG KABANATA (CHAPTER XXX)  
ANG BANAL NA SAKRAMENTO NG PAG-ULYO**

1. Ito ay ang Sakramento na kung saan ang Pari ay isinasagawa ito sa lahat ng mananampalataya na may malalang sakit. Labis na kinakailangan at ipinapayo na ang taong may sakit ay makatanggap ng Pag-Ulyo bago ang operasyon, malala man o hindi.
2. Ang Pag-Ulyo ay may mga pangunahing epekto:  
Nadaragdagan nito ang buhay ng grasya, sapagkat natatanggap dito ang dagdag na Patak ng Dugo ni Maria, at sa gayon ay mas matibay na pakikiisa kina Kristo at Maria.  
Pinalalakas nito ang kaluluwa para sa huling pakikipaglaban.  
Binibigyan nito ng kalusugan ang katawan, kung ito ay para sa ikabubuti ng kaluluwa.
3. Ang Pag-Ulyo ay kailangang tanggapin nang nasa estado ng Grasya.

**IKA-TATLUMPU'T ISANG KABANATA (CHAPTER XXXI)  
ANG BANAL NA SAKRAMENTO NG PAGPARI**

1. Ang Pagpari ay ang Sakramento na kung saan ang ministro ng pagpapari ay ibinibigay para sa benepisyo ng Simbahan.
2. Ang Sakramento ng Order ay nagbibigay sa mga nagpapari ng kapangyarihan para sa kanilang ministro, at mga grasya para maisagawa ito ng maayos.
3. Ang Obispo ay ang ministro sa Sakramento ng Pagpari.
4. Mayroong tatlong baitang ang Pagpari: Dyakuno, Presbeteryo at pagiging Obispo.
5. Ang Pagpari ay kailangang tanggapin nang nasa estado ng Grasya, kung hindi ang sinumang binibigyan nito ay nakagagawa ng sakrilihiyo.
6. Ang Pari ay ginagawa ang kanyang ministro sa pangalan ni Kristo at tagapamagitan sa Diyos at Sangkatauhan.
7. Ang Pari ay espiritwal na ama ng mga mananampalataya ng Simbahan, dahil sa pamamagitan ng Banal na Misa ginagawa niyang posible ang pagdaloy ng mga grasya sa mga kaluluwa, higit sa lahat sa pamamagitan ng mga Sakramento.

**IKA-TATLUMPU'T DALAWANG KABANATA (CHAPTER XXXII)  
ANG BANAL NA SAKRAMENTO NG KASAL**

1. Ang Sakramento ng Kasal ay ginagawang banal ang pagiging isa ng lalake at ng babae.
2. Ang Sakramento ng kasal ay hindi natutunaw, at tanging kamatayan lamang ng isa sa mag-asawa ang makapuputol sa bigkis ng kasal.
3. Ang mga ministro ng Sakramento ng Kasal ay ang nagkasundong mga partido nito mismo: ang babaeng ikakasal at ang lalakeng pakakasalan niya. Ngunit, ang Pari ang magbibigay ng katuparan sa ministro ng nagkasundong mga partido para sa kanilang pagiging isa na hindi mapaghihiwalay sa bigkis ng kasal.
4. Ang pangunahing layunin ng kasal ay ang pagbibigay ng mga anak sa Simbahan.
5. Ang Sakramento ng Kasal ay kailangang tanggapin nang may respeto, tamang intensyon at nasa estado ng Grasya; dahil ang sinumang tumanggap nito nang may mortal na kasalanan ay nakagagawa ng sakrilihiyo.

**IKA-TATLUMPU'T TATLONG KABANATA (CHAPTER XXXIII)  
ANG MGA KAAWAY NG KALULUWA**

1. Sila ay tatlo: ang mundo, ang laman at ang demonyo.

2. Sila ay tinatawag na mga kaaway ng kaluluwa sapagkat galing sa kanila ang mga tukso para suwayin natin ang mga Utos, mawalan ng Grasya at walang hanggang mapahamak ang ating mga sarili.
3. Ang mga tukso ay malalabanan sa pamamagitan ng:
  - Pagsasawalang-bahala sa mga pang-aakit ng mundo, ni Satanas at ng sarili nating laman.
  - Pag-iwas sa mga okasyon ng pagkakasala.
  - Pagdasal at pagsakripisyo.
  - Palagiang pagtanggap ng mga Sakramento.
  - Paggamit ng mga Sakramental.
  - Pagdarasal sa Pinakabanal na Birheng Maria.

#### IKA-TATLUMPU'T APAT NA KABANATA (CHAPTER XXXIV)

#### **KASALANAN**

1. Ang kasalanan ay anumang sinadyang hindi pagsunod sa Batas ng Diyos.
2. Ang kasalanan ay maaaring sa isip, salita, gawa, hangarin o pagsasawalang-bahala.
  - Siya ay nagkakasala sa isip kung nag-iisip ng masama.
  - Siya ay nagkakasala sa salita kung nagsasalita ng masama.
  - Siya ay nagkakasala sa gawa kung gumagawa ng masama.
  - Siya ay nagkakasala sa paghangad kung naghahangad ng masama.
  - Siya ay nagkakasala sa pagsasawalang-bahala kung hindi ginagawa ang kinakailangang gawin.
3. Ang kasalanan ay maaaring mortal o venial.
  - Ang mortal na kasalanan ay anumang sinadyang hindi pagsunod sa Batas ng Diyos sa seryosong bagay.
  - Ang venial na kasalanan ay anumang sinadyang hindi pagsunod sa Batas ng Diyos sa maliit na bagay.
4. Tinatawag na mortal na kasalanan sapagkat nagdadala ito ng supernatural na kamatayan sa kaluluwa, dahil pinaalis nito ang Espiritu Santo at nagbibigay daan kay Satanas, na namamahay sa lahat ng mga kaluluwa na may mortal na kasalanan. Ang kasalananang iyon ay ginagawa tayong katanggap-tanggap para sa parusa ng Impiyerno.
5. Tinatawag na venial na kasalanan sapagkat pinahihina nito ang kaluluwa at maaaring mapunta sa mortal na pagkakasala. Ang venial na kasalanan ay ginagawa tayong katanggap-tanggap para sa parusa ng Purgatoryo.
6. Ang venial na kasalanan ay napatatawad sa pamamagitan ng alinman sa labindalawang mga Sakramental na nabanggit na. Kung ganoon, hindi na kinakailangang ikumpisal ang venial na mga kasalanan, subalit ito ay labis na ipinapayo pa rin.

#### IKA-TATLUMPU'T LIMANG KABANATA (CHAPTER XXXV)

#### **PANGUNAHING MGA KASALANAN**

1. Tinatawag silang pangunahing mga kasalanan dahil sila ang puno, ugat at pinagmumulan ng lahat na iba pang mga kasalanan.
2. Sila ay pito: pagmamataas, pagkasakim, kalibugan, pagkamagagalitin, katakawan, pagkainggit at katamaran.
  - Ang pagmamataas ay sobrang pagmamahal sa sarili.
  - Ang pagkasakim ay sobrang pagmamahal sa mga bagay na temporal.
  - Ang kalibugan ay sobrang pagmamahal sa kasiyahan ng katawan.
  - Ang pagkamagagalitin ay sobrang pagmamahal sa paghihiganti.
  - Ang katakawan ay sobrang pagmamahal sa pagkain at inumin.
  - Ang pagkainggit ay pagkasuklam sa kapwa dahil sa bagay na mayroon siya.
  - Ang katamaran ay sobrang pagmamahal sa pahinga at pagsasawalang-bahala sa mga tungkulin.
3. Laban sa pitong pangunahing mga kasalanan ay ang pitong katangian:
  - Laban sa pagmamataas ay kababaang loob, na ang pagtanggap ng ating mga kakulangan at mga kasamaan.

Laban sa pagkasakim ay pagiging mapagbigay, na ang pagiging malayo natin sa temporal na mga bagay at kagustuhang tulongan ang ating kapwa.

Laban sa kalibugan ay kabinian, na ang pag-ayaw sa hindi mabining mga gawain.

Laban sa pagkamagagalitin ay pasyensiya, na kung saan ay napananatili natin ang kaayusan ng ating espiritu sa gitna ng kahirapan.

Laban sa katakawan ay pagtitimpi, na ang tamang pagkain at pag-inom.

Laban sa pagkainggit ay pag-ibig, na ang pakiramdam bilang atin kung ano ang mabuti at masama sa ating kapwa.

Laban sa katamaran ay kasipagan, na ang tamang pagpapahinga lamang at pagiging mabilis sa pagsasagawa ng ating mga tungkulin.

## IKA-TATLUMPU'T ANIM NA KABANATA (CHAPTER XXXVI) ANG SAMPUNG MGA KAUTUSAN SA BATAS NG DIYOS

Ang Sampung mga Kautusan sa Batas ng Diyos ay napapaloob sa dalawang ito: Ang mahalín ang Panginoon nating Diyos ng ating buong puso, at ng ating buong kaluluwa, at ng ating buong isip at ng ating buong lakas; at ang ating kapwa tulad ng ating sarili.

### **A) Ang unang Kautusan sa Batas ng Diyos ay mahalín ang Diyos higit sa lahat ng bagay.**

1. Sa Kautusang ito ay ipinag-uutos sa atin:

Ang magkaroon ng Pananampalataya, ang maniwala sa isa at totoong Diyos.

Ang magkaroon ng Pag-asa, ang umasa sa Kanya bilang nag-iisa nating Kaligayahan.

Ang magkaroon ng Pagmamahal, ang mahalín Siya bilang walang kapantay na Kabutihan.

Ang sambahin ang Diyos bilang pinakadakilang May-Likha at Tagapangalaga sa lahat ng bagay.

Ang maniwala sa lahat ng katotohanan na itinuro ng Banal na Inang Simbahan.

Tayo, bilang mga nilikha ng Diyos, ay kailangang mahalín at sambahin Siya nang may paggalang ng buong katawan at kaluluwa.

Ang tao ay nagmamahal sa Diyos kung siya ay tumutupad sa Kanyang mga Kautusan at pipiliing mawala ang lahat ng bagay sa kanya kaysa magkasala sa Kanya.

2. Isang mortal na kasalanan kontra sa Pananampalataya:

Ang itanggi ang pananatili ng Diyos o alinmang katotohanan na itinuro ng Simbahan.

Isang mortal na kasalanan kontra sa Pag-asa:

Ang mawalan ng tiwala sa awa ng Diyos, at maniwala na hindi nanaisin ng Diyos na patawarin tayo sa ating mga kasalanan.

Ang sapantahain ang awa ng Diyos, at maniwala na maaari tayong maligtas kahit hindi tumigil sa pagkakasala.

Isang mortal na kasalanan kontra sa Pag-ibig:

Ang hindi mahalín ang Diyos.

Ang kasuklaman ang Diyos.

Ang seryosong sumuway sa Kanyang kalooban.

Ang pagiging lapastangan at walang utang na loob sa Kanyang mga biyaya.

Isa ring mortal na kasalanan:

Ang hindi magbigay ng tamang pagsamba sa Santisima Trinidad, sa Pinakabanal na Birheng Maria, sa mga Banal, sa sagradong mga imahen at sa sagradong mga relikya.

Ang hindi magbigay ng nararapat na paggalang at pagpugay sa lahat ng sagradong mga tao, mga lugar o mga bagay.

### **B) Ang pangalawang Kautusan ay huwag magsumpa ng walang kabuluhan na gamit ang Banal na Ngalan ng Diyos.**

Maliban sa pagsumpa ng walang kabuluhan, ang Kautusang ito ay tumutukoy higit sa lahat sa hindi pagiging tapat sa mga sinumpaang pangako, kalapastangan at ang maling paggamit sa Ngalan ng Diyos.



1. Ang pagsumpa, o sumumpa, ay ang pagtawag sa Diyos bilang saksi sa katotohanan kung ano ang ating sinasabi, ginagawa o nararamdaman.
2. Ang magsumpa ng walang kabuluhan ay ang paggawa nito nang hindi makatotohanan, hindi makatarungan o hindi kinakailangan.

Ang magsumpa ng hindi makatotohanan ay ang pagtawag sa Diyos para patunayan na totoo ang isang bagay na alam nating hindi totoo. Ito ay kasalanang mortal, dahil ito ay pagsumpa sa hindi totoo.

Ang magsumpa ng hindi makatarungan ay pagsumpa na gagawa ng bagay na masama. Ito ay mortal na kasalanan, kung ang bagay na masama ay malubha, at venial na kasalanan kung ito ay bahagya lamang.

Ang magsumpa ng hindi kinakailangan ay pagsumpa nang walang mabigat na dahilan o para sa mga bagay na hindi gaanong mahalaga. Isang venial na kasalanan lamang, para sa kaunting ipinapakitang paggalang sa Ngalan ng Diyos.

3. Ang sinumang sumumpa sa mga nilalang ay nagkakasala ng mortal o venial, depende sa pangyayari, sapagkat ito'y pagsumpa sa Lumikha sa kanila.
4. Itinuturo sa atin ni Kristo ang magsabi ng 'oo' o 'hindi' nang buong katotohanan sa lahat ng oras kung nagpapatibay o tumatanggi sa anumang bagay.
5. Isa ring mortal na kasalanan kontra sa ikalawang Kautusan ang makagawa ng kalapastanganan, na ang bawat salita o gawa ay makasasakit sa Diyos, sa Birhen, sa mga Banal at sa lahat ng iba pang sagradong mga bagay.

#### **C) Ang pangatlong Kautusan ay pakabalanin ang Banal na mga Araw.**

1. Ang pakabalanin ang Banal na mga Araw ay ang sambahin ang Diyos sa pamamagitan ng pakikinig sa Banal na mga Misa na ipinatutupad ng Simbahan at huwag gumawa ng hindi kinakailangang gawain sa mga araw ng Linggo at Banal na mga Araw ng Pangilin.
2. Isang mortal na kasalanan, sa mga araw ng Linggo at sa iba pang Banal na mga Araw ng Pangilin, ang hindi makinig ng Banal na mga Misa kung pwede rin namang gawin; at ang paggawa ng alinman sa mga gawaing malinaw na ipinagbabawal sa mga araw na iyon nang walang mabigat na pangangailangan, o pahintulot galing sa Simbahan.

#### **D) Ang pang-apat na Kautusan ay iginalang ang ama at ang ina.**

1. Ang paggalang sa ating mga magulang ay ang mahalina, sundin, tulungan at irespeto sila. Subali't, ang anak ay maaaring sumuway sa kanyang mga magulang, sa anumang bagay na salungat sa Diyos at sa Simbahan.
2. Katungkulan ng mga magulang ay ang: mahalina, panatilihin at palakihin ang kanilang mga anak bilang mga Kristiyano, gayundin bigyan sila ng edukasyon at pagkakakitaan.
3. Ang anak na sumuway o saktan ang kanyang mga magulang nang malubha o pabayaang sila sa matinding pangangailangan ay nagkakasala ng mortal.
4. Ang mga magulang na nagsasawalang bahala sa kanilang pundamental na obligasyon sa kanilang mga anak ay nagkakasala ng mortal.

#### **E) Ang panglimang Kautusan ay huwag pumatay.**

1. Sa Kautusang ito ay ipinagbabawal sa ating mapinsala ang buhay ng ating kapwa, maging sa isip, salita, gawa o hangarin.
2. Isang mortal na kasalanan kontra sa panlimang Kautusan:  
Para sa isang tao ang pumatay ng sinuman: tulad sa kaso ng pagpatay, paglaglag ng bata at iba pa. Magkakaroon din siya ng ekskomunikasyon na nakareserba sa Papa.  
Para sa isang tao ang magpakamatay o putulin ang anumang parte ng sariling katawan. Magkakaroon din siya ng ekskomunikasyon na nakareserba sa Papa.  
Para sa isang tao ang makasugat, pagbantaan o insultuhin ang sinuman; o ang hindi magpatawad sa nagkasala.  
Para sa isang tao ang masuklam sa sinuman o hangarin ang kanyang kamatayan o iba pang matinding kamalasan.  
Para sa isang tao na malasing ng todo, o gumamit ng droga, at iba pa.

3. Ang sino mang nagkasala sa iba ay obligadong humingi ng kapatawaran o ayusin ang mga naapektuhan.

**F) Ang pang-anim na Kautusan ay huwag gumawa ng kalaswaan.**

1. Ang Kautusang ito ay inoobliga tayo na maging malinis at mabini sa isip, salita, gawa at hangarin.
2. Isang kasalanang mortal:  
Ang gumawa ng malaswang mga bagay, nag-iisa man o may kasamang iba.  
Mag-asam na gawin ang mga bagay na iyon.  
Ang magsalita, manood, magbasa o makinig sa mga malalaswang bagay, at ikasiya ang mga bagay na iyon.  
Ang maging masaya sa mga malalaswang iniisip.  
Ang alin man sa mga nabanggit ay magiging venial na kasalanan lamang kung mayroong mga kalagayan na walang halong matinding kasalanan.

**G) Ang pangpitong Kautusan ay huwag magnakaw.**

1. Ang Kautusang ito ay inuutusan tayo na irespeto ang mga pag-aari ng iba; at pinagbabawalan tayo na kumuha o magtago nang hindi makatwiran kung ano ang pag-aari ng ating kapwa, o makagawa ng ano mang paninira sa kanilang mga pag-aari.
2. Ang sino mang magnakaw o sumira sa mga pag-aari ng kanyang kapwa ay nagkakasala ng mortal kung ang paninira ay malubha, at venial kung bahagya lamang.
3. Ang sino mang magnakaw o sumira sa mga pag-aari ng iba ay hindi magkakaroon ng kapatawaran sa kanyang kasalanan sa pagkumpisal kung siya ay hindi sinsero ang hangaring ibalik ang kanyang ninakaw o ayusin ang mga bagay na nasira.

**H) Ang pangwalong Kautusan ay huwag maging saksi sa hindi totoo o huwag magsinungaling.**

1. Ang kautusang ito ay inoobliga tayo na igalang ang mabuting pangalan ng ating kapwa at magsabi ng katotohanan.
2. Kung ganoon ipinagbabawal ang magsinungaling, paninirang puri, pagbibintang, maging saksi sa mali biglaang paghusga at iba pang pandurusta laban sa karangalan at mabuting pangalan ng ating kapwa.  
Ang pagsisinungaling ay ang pagsasabi ng kabaliktaran ng kung ano ang ating iniisip, para magtangkang manglinlang.  
Ang paninirang puri ay ang magparatang sa kasalanan ng ating kapwa na hindi niya ginawa o kamaliang wala naman sa kanya.  
Ang pagbibintang ay ang pagsasabi ng kamalian ng ating kapwa para malaman ang kanyang kasalanan at mawala ang kanyang mabuting pangalan.  
Ang pagiging huwad na saksi ay ang pagsasabi ng hindi totoo sa harap ng husgado.  
Ang biglaang paghusga ay ang paghusga sa kamalian ng ating kapwa na walang basehan o pinagmulan.
3. Ang kasalanang kontra sa ika-walong Kautusan ay mortal kung ang kasinungalingan o ginawang paninira sa ating kapwa ay malubha, at venial kung ito ay bahagya lamang.
4. Ang sino mang sumira sa mabuting pangalan ng kanyang kapwa ay hindi magkakaroon ng kapatawaran sa kumpisal hangga't siya ay sinserong magnais na gawing mabuti ang nasira, hangga't kaya niya.

**I) Ang pangsiyam na Kautusan ay huwag gumawa ng idolatriya.**

1. Ang kautusang ito ay ipinagbabawal ang idolatriya sa anumang kaparaanan.
2. Isang mortal na kasalanan kontra sa Kautusang ito:  
Ang maniwala sa mga diyos-diyosan.  
Ang maniwala sa mga pamahiin.  
Ang komunsulta sa mga manghuhula at humingi ng tulong sa mga albularyo.  
Ang ugaliin o dumalo sa mga pagsamba kontra sa tunay na Simbahan.  
Ang mga kasalanang ito ay magdadala rin ng ekskomunikasyong nakareseba sa Papa.

3. Isa ring mortal na kasalanan laban sa kautusang ito ang makagawa ng sakrilihiyo, na anumang kawalang galang sa sagradong tao, lugar o bagay, sapagka't sila ay konsagrado sa Banal na Pagsamba.

**J) Ang pangsampung Kautusan ay huwag maghangad sa taong may asawa at hindi mag-angkin ng mga bagay na pag-aari ng iba.**

1. Sa Kautusang ito ay ipinagbabawal ang makiapid, ang sakrilihiyosong pagtataksil, at ang mag-angkin sa mga bagay na pag-aari ng iba.
2. Isang mortal na kasalanan sa pakikiapid:  
Para sa isang taong may asawa ang hindi maging tapat sa kanyang asawa sa mga bagay na may kinalaman sa kalinisan.  
Para sa taong walang asawa ang magkaroon ng maruming kasiyahan sa taong may asawa.
3. Isang mortal na kasalanan sa sakrilihiyosong pagtataksil:  
Para sa isang Pari o ibang tao na konsagrado sa Diyos ang hindi sumunod sa pagiging mabini.  
Sa sino mang tao ang magkaroon ng mahalay na kasiyahan sa isang Pari o ibang taong konsagrado sa Diyos.
4. Ang sino mang maghangad ng kayamanan ng walang pagkakontento sa pamamagitan ng pag-aari ng kapwa ay magkakasala ng mortal sa pag-iimbot sa pag-aari ng iba.
5. Ang alin man sa mga nabanggit ay magiging venial na kasalanan lamang kung may mga kalagayang hindi makasama sa mabigat na kasalanan.

IKA-TATLUMPU'T PITONG KABANATA (CHAPTER XXXVII)

**ANG LIMANG MGA KAUTUSAN NG BANAL NA INANG SIMBAHAN**

**A) Ang unang Kautusan ng Simbahan ay makinig ng Banal na mga Misa na ipinatutupad sa mga araw ng Linggo at iba pang mga Banal na Araw ng Pangilin.**

1. Sa Kautusang ito ay inoobliga tayo na makinig kahit isang kompletong turno ng mga Misa, na maaaring marami o kaunti sa bilang depende sa turnong nabanggit.
2. Ang lahat ng mananampalataya na nasa tamang edad at walang pahintulot na lumiban dahil sa mabigat na dahilan ay inoobligang makinig ng Banal na mga Misa.
3. Isang mortal na kasalanan:  
Sa mga araw ng Linggo at sa iba pang mga Banal na Araw ng Pangilin ang hindi makinig ng Banal na mga Misa kung maaari din namang dumalo dito.  
Kung hindi maaaring makadalo sa Misa, hindi magdasal ng *Holy Penitential Rosary*, maliban na lamang kung mayroong mabigat na kadahilanan.
4. Ang Banal na mga Misa ay kailangang pakinggan nang may debosyon at may paggalang.

**B) Ang pangalawang Kautusan ng Simbahan ay ikumpisal ang kasalanang mortal sa lalong madaling panahon, bago lumipas ang tatlong buwan buhat nang makagawa ng kasalanang mortal.**

1. Isang mortal na kasalanan, pagkatapos mahulog sa kasalanang mortal, ang hindi magkumpisal bago lumipas ang tatlong buwan, kung maaari namang gawin.
2. Ang Kautusang ito ay inoobliga ang lahat ng mananampalataya na nasa tamang edad.

**C) Ang pangatlong Kautusan ng Simbahan ay tumanggap ng Banal na Komunyon bago lumipas ang tatlong buwan buhat nang huling Banal na Komunyon.**

Isang mortal na kasalanan ang hindi tumanggap ng Banal na Komunyon bago lumipas ang tatlong buwan buhat nang huling Banal na Komunyon, kung maaari namang gawin.

**D) Ang pang-apat na Kautusan ng Simbahan ay sumunod sa ipinatutupad na pamantayan ng Simbahan para sa pagiging Desenteng Kristiyano.**

Ang Kautusang ito ay inoobliga tayo:

Na manamit ng desente.

Na huwag pumunta sa mga lugar kung saan ay may malalaswang makikita.

Na hindi magkaroon o magbasa ng mga magasin at iba pang ipinagbabawal na mga pahayagan.

Na hindi manood ng mga produksyon o mga pagtatanghal na may nilalamang ano mang panganib sa moralidad: sa kalye, sa sinehan, sa mga estadyum at iba pa.

### **Pamantayan ng Pagiging Desenteng Kristiyano**

#### **1. Ang lalake**

**Mga Pantalon:** Dapat lagi siyang nakasuot ng mahabang pantalon. Hindi dapat hapit o naaaninag. **Mga Polo Shirt:** Dapat mahaba ang mga manggas hanggang sa guhit sa pagitan ng braso at kamay, nakabuttones lahat pati na ang kwelyo, upang ang braso at dibdib ay lubos na natatakpan, hanggang ibaba ng leeg. Dagdag pa, ang damit pang-itaas ay hindi dapat hapit at hindi rin nababanaag. **Mga Medyas:** Anuman ang kanyang edad, ang lalake ay obligadong magsuot ng medyas na dapat ay natatakpan ang bukong-bukong, sa Simbahan man siya at saan mang lugar; gayunman, hindi siya obligadong magsuot nito habang siya ay nasa tahanan, kahit na may mga bisita. **Mga Pantalong Maong:** Ang maong na damit ay maaaring isuot, subali't hindi dapat sa pagpunta sa Simbahan at mga lugar na sagrado. **Mga Dibuh, Letra at mga Logo:** Ang mga damit panlabas na may sobrang laking mga letra o mga disenyo ng anumang uri (mga hayop, mga sasakyan...), o mga brand name logo, ay hindi maaaring isuot. Ang mga damit na pantrabaho o uniporme sa eskwela na may malalaking logo ay pinapayagang isuot papunta sa trabaho o eskwela ganundin sa pag-uwi ng tahanan. Pagdating ng tahanan, dapat nilang palitan. Dagdag pa, habang suot ang nasabing damit ay maaari silang makipag-usap sa iba, at maaari din itong labhan sa tahanan. **Mga Sapatos:** Ang sapatos na pang-isports o gamit sa gym ay hindi maaaring isuot kung papasok sa Simbahan. **Buhok:** Hindi maaaring mahaba, tinina o nakatayo sa bandang dulo. Ang lalake ay hindi rin maaaring magsuot ng hikaw o magpabutas ng katawan, magsuot ng kung anu-anong borlolooy at mga katulad nito, o mga tattoo.

**Doon sa mababa sa katorse:** Maaari silang magsuot ng maikling mga pantalon kung saan ay natatakpan ang mga tuhod, subalit sa lahat ng iba pa ay dapat sundin nila ang tulad na disiplina sa kanilang mga nakatatanda.

Gayon pa man, dahil sa konsiderasyon sa ilang uri ng gawain (karpentero, konstruksyon, pagtanim at iba pang mga kahalintulad), binibigyan siya ng permiso sa oras na isinasagawa niya ang gawain na kaluskusin ang mga manggas hanggang sa ibaba ng siko na hindi dapat makita ito, sa kwelyo gayundin, maaari itong luwagan. Kung siya ay nasa tahanan maaari ding gamitin ang permisong ito na luwagan ang kwelyo, kahit may mga bisita. Kahit sa ano pa mang dahilan, hindi siya maaaring magsuot ng maikling mga pantalon, kahit sa trabaho man o sa isport.

#### **2. Ang babae**

**Mga Damit:** Dapat ay mahaba ang mga manggas hanggang sa guhit sa pagitan ng kamay at braso, at maliban dito dapat ay natatakpan hanggang ibaba ng leeg upang maiwasan ang pagiging haka. Hindi dapat hapit, nababanaag at katamtaman lamang ang haba, na kung nakaupo, dapat ay natatakpan nang lubos ang mga tuhod. Hindi dapat ang anumang bukas o hiwa (slits). Ang maikli ang mga manggas o ang walang mga manggas na mga damit at haka ay pinapayagan, subalit dapat may suot pa ring damit o blusa sa ilalim nito na dapat ay natatakpan hanggang sa ibaba ng leeg ganoon din ang mga braso, pwede rin ang jumpers na mga damit o mga paldang may straps na may babero o wala. **Mga Palda:** Hindi dapat deretso ang tabas o ang tinatawag na “*tube skirts*”, o kaya ay hapit, nababanaag at dapat ay katamtaman ang haba, na kung nakaupo dapat ay natatakpan nang lubos ang mga tuhod. Hindi dapat ang may bukas o hiwa. **Mga Pantalon:** Kahit sa ano mang dahilan ay hindi maaaring magsuot ng pantalon ang babae, dahil ang kasuotang ito ay naaayon lamang sa mga lalake. **Mga Blusa:** Dapat ay mahaba ang mga manggas hanggang sa pagitan ng kamay at braso, at kailangan din natatakpan hanggang sa ibaba ng leeg upang maiwasan ang pagiging haka. Hindi dapat hapit at nababanaag. **Mga Stockings:** Ang babae ay inobligang magsuot ng “*tights*” o “*pantyhose*” o “*stockings*” na ang haba ay dapat kahit sa ibaba ng tuhod, at maaaring gawa sa anumang materyal. Gayundin ang babae, ay maaaring magsuot ng damit panloob, upang matakpan ang kanilang mga hita at mga baywang

upang hindi malamigan, anuman ang sa akala nila ay naaayon. **Maong na kasuotan:** Maaaring isuot ang maong, subalit hindi dapat sa Simbahan o sa mga sagradong lugar. **Mga dibuho, letra at mga logo:** Ang mga damit panlabas na may sobrang laking mga letra o mga desenyong anumang uri (mga hayop, mga sasakyan...), o mga brand name logo ay hindi maaaring isuot. Ang mga damit pantrabaho o sa eskwela na may malalaking logo ay pinapayagang isuot sa pagpasok sa trabaho o sa eskwela at pauwi sa tahanan. Pagdating sa tahanan, dapat sila ay magpalit. Dagdag pa, habang suot ang naturang mga damit ay maaari silang makipag-usap sa iba, at maaari ding labhan ang naturang mga damit sa tahanan. **Mga Sapatos:** Ang mga sapatos na pangisports o gamit sa gym ay hindi maaaring isuot sa pagpasok sa Simbahan.

**Doon sa mababa sa katorse:** Dapat magsuot sila ng mga medyas, subalit sa lahat ng bagay ay tulad ng sa mga nakatatanda sa kanila ang disiplinang ipinaiiral; datapwa't iyong mga mababa sa katorse ay maaaring gumamit ng “stockings” o “tights” kung nais nila.

Gayon pa man, dahil sa konsiderasyon sa gawaing bahay (paglinis, pagluto at iba pa), gayundin sa iba pang uri ng mga gawain (pagtanim, gawain sa pabrika at iba pa), ang babae ay pinapayagan sa oras ng trabaho na ikaluskos ang kanyang mga manggas hanggang siko, subalit hindi dapat ito nakikita, gayundin maaaring luwagan ang kwelyo ng kanyang blusa, subalit lagi nang hindi dapat haka. Gayundin, habang nasa tahanan, maaari niyang gamitin ang permisong ito na luwagan ang kwelyo ng blusa at hindi rin inoobliga na magsuot ng stockings, kahit na may mga bisita. Kahit sa ano pa mang dahilan, sa anumang panahon ay hindi siya maaaring magsuot ng mga pantalon, kahit pa sa trabaho; at kapag kinakailangan sa eskwelahan, tulad halimbawa sa “gymnastics”, dapat ay mahigpit siyang tumanggi.

Ang “lace” at iba pang mga dekorasyon ay maaaring gamitin sa ibabaw ng damit na natupad ang mga pamantayan ukol sa pananamit. Ang babae ay hindi dapat magkaroon ng pagbubutas sa katawan para sa borlolyo at mga katulad nito, o mga tattoo.

4. *Mahigpit na ipinagbabawal sa lahat ng mananampalatayang Palmaryan ang pagpunta sa mga baybaying dagat, mga swimming pool, o mga kahalintulad na lugar na kung saan ay maaaring may makitang malaswa, kahit pa iyon ay utos ng doktor para sa ikabubuti ng kalusugan, dahil ang kalusugan ng kaluluwa ay mas nangunguna kaysa sa katawan.*

Ang mga baybaying dagat at mga swimming pool, at iba pa, ay mga lugar ng iskandalo at malapit sa mga okasyon ng kasalanan, kung kaya't walang dapat pumunta doon kung may imoralidad. Doon sa mga nais mamingwit sa mga ilog at mga lawa, at doon sa mga nais maglakad sa baybaying dagat, ay maaaring pumunta kung may kompletong kasiguruhang walang mga naliligo o mga taong ang suot ay nakaiiskandalo (tulad ng maiikling pantalon o shorts, walang damit pang-itaas...).

Ang sinumang sumuway sa alinmang nasa itaas na pamantayan ng moralidad, ay nakagagawa ng mortal na kasalanan.

6. Modernong musika

Ang “rock” at lahat ng kahalintulad nito at iba pa, ay gawa mismo ni Satanas, dahil sa pamamagitan ng musikang iyon ay malayang ipinaubaya ang lahat ng imoral na pasyon ng tao; at histerya, pagiging panatiko, pagkaadik sa droga, sobrang pagkalasing at marami pang pagkasira ng isip at katawang pisikal ang resulta. Ang modernong musika ay totalmenteng sumasalungat sa tunay na sining ng musika, at ito ay galing sa impiyerno para sa senswalidad. Ang modernong musika ay salungat sa Walang Hanggang Kagandahan ng Diyos, sa Mabuting Moralidad at sa perpektong artistikong panlasa; at kung ganoon ay malaking kapahamakan sa tao; kung kaya ang tao ay inoobligang hindi dapat sumang-ayon o pahintulutan ang kanyang sarili na maimpluwensyahan ng ganoong uri ng musika, at hayagang ito ay tanggihan.

Ang sinumang mayroong mga tape, mga disk o anumang iba pang uri ng media na may ganoong musika ay nagkakasala ng mortal, at ganoon din ang sinumang tuwirang nakikinig dito. Dapat ikonsidera na ang pagkarinig ay hindi pakikinig; kung kaya sa oras na malaman na may ganoong musika, magkakaroon lamang ng kasalanan kung ang tao ay tuwirang nakinig dito.

**E) Ang panglimang kautusan ng Simbahan ay tulungan ang Simbahan sa kanyang ekonomikong pangangailangan, sa paraan ng limos o iba pang mga materyal na tulong, ayon sa kakayahan ng bawat isa.**

Ang tao ay nagkakasala ng mortal, kung may kakayahan siyang tumulong sa Simbahan nang walang seryosong hadlang, subalit hindi niya ginawa.

**IKA-TATLUMPU'T WALONG KABANATA (CHAPTER XXXVIII)**

**ANG MGA KATANGIAN**

Ang Katangian ay isang matibay na karakter ng kaluluwa para gumawa ng mabuti, na hindi maaaring posible kung wala ang tulong ng Diyos.

Ang mga katangian ay pito ang bilang: tatlong teyolohikal at apat na kardinal.

**A) Ang teyolohikal na mga katangian:**

1. Tinawag itong teyolohikal sapagkat ibinahagi ito ng Diyos sa kaluluwa sa pamamagitan ng Sakramento ng Pagbinyag, at kung ganoon ay nananatili ito sa kaluluwa na nasa estado ng Grasya.

2. Ito ay ang mga: Pananampalataya, Pag-asa at Pag-ibig.

Ang Pananampalataya ay ang supernatural na katangian kung saan ay matatag tayong naniniwala kung ano ang inihayag sa atin ng Diyos at kung ano ang itinuturo sa atin ng Simbahan.

Ang Pag-asa ay ang supernatural na katangian kung saan ay matatag tayong umaasa na bibigyan tayo ng Diyos ng walang hanggang kaluwalhatian sa pamamagitan ng Kanyang grasya at ng ating mabuting mga gawa.

Ang Pag-ibig ay ang supernatural na katangian kung saan ay minamahal natin ang Diyos higit sa lahat ng bagay sapagkat kung Sino Siya, at ang ating kapwa tulad sa ating sarili dahil sa pagmamahal sa Diyos.

**B) Ang kardinal na mga katangian**

1. Tinawag itong kardinal sapagkat sila ang pundasyon ng lahat ng iba pang moral na mga katangian.

2. Ito ang mga: Kahinahunan, Katarungan, Katatagan ng loob at Pagtitimpi.

Ang Kahinahunan ay ang katangiang nag-uudyok sa atin, sa maayos na paraan, para gumawa ng mabuti at umiwas sa masama.

Ang Katarungan ay ang katangiang nag-uudyok sa atin na ibigay sa bawat isa ang kanyang karapatan.

Ang Katatagan ng loob ay ang katangiang nag-uudyok sa atin na mapagtagumpayan nang may tapang ang mga balakid sa mabuti.

Ang Pagtitimpi ay ang katangiang nag-uudyok sa atin para pigilan ang labis na pagkahumaling at mga pagnanasa.

**C) Kung ang tao ay nasa estado ng Grasya at ginawa ang alinman sa mga katangian, makatatanggap siya ng karagdagang Patak ng Dugo ni Maria.**

**IKA-TATLUMPU'T SIYAM NA KABANATA (CHAPTER XXXIX)**

**KAMATAYAN**

Ang buhay ng tao dito sa mundo ay natatapos sa kamatayan.

**1. Ang kamatayan ay nangyayari sa dalawang bahagdan:**

Ang una ay ang klinikal na kamatayan, kung saan ang aksidental na katawan ay maghihiwalay mula sa kaluluwa at sa esensyal na katawan.

Ang pangalawa ay totoong kamatayan, kung saan ang esensyal na katawan ay maghihiwalay mula sa kaluluwa.

**2. Ilang minuto ang pagitan ng dalawang kamatayan.**

IKA-APATNAPUNG KABANATA (CHAPTER XL)  
**ANG PARTIKULAR NA PAGHUHUKOM**

1. Ang Partikular na Paghuhukom ay nangyayari sa pagitan ng klinikal na kamatayan at totoong kamatayan.
2. Sa harapan ni Kristo ang Kataas-taasang Hukom, ang partikular na paghuhukom sa bawat kaluluwa kaisa sa esensyal na katawan ay nagaganap sa apat na iba't-ibang momento, ayon sa sumusunod:  
Si Satanas sa kanyang mapaglinlang na diskurso para linlangin ang kaluluwa upang siya ay makondena nang walang hanggan.  
Si Santa Maria sa Kanyang diskurso, para bigyan ng pagkakataong maligtas ang sino mang dumating sa klinikal na kamatayan na may mortal na kasalanan; at matamasa ng maaga ang kaligayahan sa Langit sa sino mang dumating dito na nasa estado ng Grasya.  
Ang pagtanggap o pagtangi sa kaligtasan ng sino mang hinahatulan.  
Ang sentensya ni Kristo ng kaligtasan sa sino mang tumanggap ng kaligtasan; at kapahamakan, sa sino mang tumanggi sa kaligtasan.
3. Pagkatapos agad ng sentensya, ang totoong kamatayan ay nagaganap kung ang kaluluwa at ang esensyal na katawan ay maghiwalay na.
4. Sa totoong kamatayan ang kaluluwa ay pupunta na sa kanyang walang hanggang destino: Langit, kung siya ay naligtas at hindi na kailangan pa ang paglinis sa Purgatoryo. Impiyerno, kung nakondena.

IKA-APATNAPU'T ISANG KABANATA (CHAPTER XLI)  
**LANGIT O ANG MATAGUMPAY NA SIMBAHAN**

1. Ang Langit ay isang estado ng walang katapusang kaluwalhatian na tinatamasa ng mga Banal: mga Anghel at mga taong naligtas.
2. Ang Langit, kung ganoon, ay hindi isang lugar, subali't isang estado ng kompletong kaligayahan.
3. Ang mga napupunta sa Langit ay iyong mga dumating sa klinikal na kamatayan na nasa estado ng Grasya; at iyong, mga dumating sa klinikal na kamatayan na may mortal na kasalanan, sa partikular na paghuhukom ay tinanggap ang diskurso ni Santa Maria at tinanggihan si Satanas.
4. Tinatamasa ng mga Banal ang dalawang klase ng kaluwalhatian:  
Esensyal na kaluwalhatian o "*beatific vision*", na ang pagkakita sa Diyos nang harapan, tunay kung ano Siya.  
Aksidental na kaluwalhatian, na ang kaligayahang makita ang mga nilalang ng Diyos.
5. Ang Langit ay:  
Eternal, sapagkat ito'y walang katapusan.  
Ganap na kaligayahan, sapagkat ito'y walang halo ng anumang kasamaan.

IKA-APATNAPU'T DALAWANG KABANATA (CHAPTER XLII)

**IMPIYERNO**

1. Ang Impiyerno ay isang estado ng walang hanggang kondensasyon na pinagdurusahan ng masasama: mga demonyo at mga nakondenang tao.
2. Ang Impiyerno, kung ganoon, ay hindi isang lugar, kundi isang estado ng kompletong pagdurusa.
3. Ang mga napupunta sa Impiyerno, ay iyong sa partikular na paghuhusga, ay tumanggi sa diskurso ni Santa Maria at tinanggap ang kay Satanas, ang ama ng mga kasinungalingan.
4. Ang sakit na pinagdurusahan ng mga nakondena ay tatlong klase:  
Esensyal na sakit ng kawalan, kung saan ay habang panahong alisan sila ng pagkakita sa Diyos.  
Ito ang pinakamalaking pagdurusa sa lahat.  
Esensyal na sakit ng pandama, na kung saan ay sabay na nararamdaman ang pagdurusa ng pinakateribleng mga tormento ng apoy at lamig.  
Aksidental o pagkaramdam ng sakit, na ang pagdurusa ng lahat ng iba pang pagdurusa.
5. Ang Impiyerno ay:

Eternal, sapagkat ito'y walang katapusan.

Lubos na kasamaan, sapagkat ito'y walang posibilidad ang ano mang mabuti.

#### **IKA-APATNAPU'T TATLONG KABANATA (CHAPTER XLIII)**

#### **PURGATORYO O ANG SIMBAHANG NAGDURUSA**

1. Ito ay ang estado ng pansamantalang pagbayad ng mga kaluluwa na nangangailangan ng paglilinis bago mapunta sa Langit.
2. Ang Purgatoryo, kung ganoon, ay hindi isang lugar, kundi isang estado ng paglilinis.
3. Ang mga napupunta sa Purgatoryo, ay iyong sa partikular na paghuhusga, ay hindi pa ganap na nalinis ng pansamantalang kaparusahan na nararapat sa kanilang mga kasalanan mortal man o venial, kahit napatawad na noong nabubuhay pa o sa paghuhusga.
4. Ang sakit na pinagdurusahan ng mga Banal na Kaluluwa sa Purgatoryo ay pansamantala at may tatlong klase:

Esensyal na sakit ng kawalan, na kung saan ay inaalis ang pagkakita sa Diyos. Ito ang pinakamalaking pagdurusang sa lahat.

Esensyal na sakit ng pandama, na kung saan ay sabay na nararamdaman ang apoy at lamig ng paglilinis.

Aksidental o pagkaramdam ng sakit, na kung saan ay ang pagkakaroon ng iba pang pagdurusang.

5. Ang mga Banal na Kaluluwa sa Purgatoryo ay nagmamahal sa Diyos ng labis, nagdurusang ng labis, at puno ng kasiguruhan na pagkatapos ng lahat ay pupunta sila sa Langit.
6. Ang Purgatoryo ay matatapos sa Ikalawang Pagdating ni Kristo.

#### **IKA-APATNAPU'T APAT NA KABANATA (CHAPTER XLIV)**

#### **ANG MGA BATA SA LIMBO O ANG SIMBAHANG NAGHIHINTAY**

1. Ito ay ang estado ng pansamantalang paghihintay ng mga namatay na walang Binyag bago umabot sa tamang edad.
2. Ang limbo, kung ganoon, ay hindi isang lugar, kundi isang estado ng paghihintay o pag-asa.
3. Kahit na kulang sila sa Patak ng Dugo ni Maria, ang mga Bata sa Limbo ay nagtataglay ng repleksyon Nito, at, kung ganoon, ang repleksyon ng Nagpapabanal na Grasya, na ang Espiritu Santo.
4. Kahit hindi nila nakikita ang Diyos, ang mga Bata sa Limbo ay nagmamahal sa Kanya; bukod dito, nagtataglay sila ng kompletong natural na kaligayahan, na may partisipasyon ng kaligayahan sa langit, walang ano pa mang pagdurusang.
5. Bago ang Ikalawang Pagdating ni Kristo, ang mga Bata sa Limbo ay makatatanggap ng Patak ng Dugo ni Maria, at kung gayon ang Nagpapabanal na Grasya. Magmula doon sila ay magiging mga Banal sa Langit.
6. Ang Limbo ay magtatapos isang saglit bago ang Ikalawang Pagdating ni Kristo.

#### **IKA-APATNAPU'T ANIM NA KABANATA (CHAPTER XLVI)**

#### **ANG NAKALAKING KRUS SA KALANGITAN**

Bago ang Ikalawang Pagdating ni Kristo, ang napakalaking Krus na Itinubos sa atin ay magpapakita sa kalangitan, para ibalita sa lahat ng mga tao ang malapit nang Pagbalik ni Kristo, sapagkat ito ay makikita ng lahat ng mga tao kahit saang dako.

#### **IKA-APATNAPU'T PITONG KABANATA (CHAPTER XLVII)**

#### **ANG UNIBERSAL NA MULING PAGKABUHAY NG LAMAN**

1. Ang muling pagkabuhay ng laman ay ang muling pagkabuhay ng mga patay na katawan: aksidental at esensyal.
2. Ang unibersal na muling pagkabuhay ng laman ay magaganap sa isang iglap ng Ikalawang Pagdating ni Kristo.
3. Sa muling pagkabuhay ng laman, ang esensyal na mga katawan at aksidental na mga katawan ay mabubuhay muli kapag sumanib muli sa kaluluwa.
4. Ang muling pagkabuhay ng laman ay magiging:



Maluwalhati sa mga naligtas, dahil ang kanilang mga katawan ay makatatanggap ng maluwalhating katangian.

Infernal sa mga nakondena, dahil ang kanilang mga katawan ay makatatanggap ng infernal na katangian.

5. Pagkatapos muling mabuhay ang mga katawan ng mga naligtas ay tatamasain ang kaligayahang walang hanggan, at ang mga katawan ng mga nakondena ay magdurusa nang walang hanggan.

#### IKA-APATNAPU'T WALONG KABANATA (CHAPTER XLVIII)

### **ANG IKALAWANG PAGDATING NI KRISTO**

1. Sa Kanyang Maluwalhating Ikalawang Pagdating, si Kristo ay babalik sa Mundo na may napakalaking kapangyarihan at kamahalan, kasama ang Kanyang Banal na Ina at ang lahat ng mga Banal.

Ang Kanyang Pinakabanal na Mukha ay pupunan ng kaligayahan ang mga naligtas at ang mga nakondena ay kilabot.

2. Siya ay makikita sa lahat ng dako ng Uniberso.

#### IKA-APATNAPU'T SIYAM NA KABANATA (CHAPTER XLIX)

### **ANG HULI O UNIBERSAL NA PAGHUHUKOM**

Sa Kanyang Maluwalhating Ikalawang Pagdating, si Kristo bilang Kataas-taasang Hukom ay huhusgahan ang lahat ng nilalang, angel at tao.

#### IKA-LIMAMPUNG KABANATA (CHAPTER L)

### **ANG MESYANIK NA KAHARIAN SA MUNDO**

1. Sa Kanyang Maluwalhating Ikalawang Pagdating, ang Ating Panginoong Hesukristo ay magtatayo ng Kanyang Mesyanik na Kaharian sa Mundo, ngayon ay nilinis at binago.
2. Ang Mesyanik na Kaharian ay Paraiso sa Lupa na muling inestablisa sa Mundo, na may mas napakalaking karangyaan; kung ganoon ito'y hindi Langit o Walang Katapusang Kaligayahan.
3. Ang mga buhay ng mga naninirahan sa Mesyanik na Kaharian ay magiging buhay sa kabanalan, kaligayahan at lubos na kapayapaan; ang lahat ay magiging maligaya sa pagkakita sa Diyos at wala nang mamamatay pa. Mawawalan ng kapangyarihan si Satanas sa kanila.
4. Sa Mesyanik na Kaharian ang lahat ng naligtas ay mananahan sa Puso ni Maria; at sa pamamagitan Niya sa Puso ni Kristo. Ito ay magaganap kung ang Pinakabanal na Birheng Maria ay matanggap, sa Kanyang Imakuladang Puso, ang patak ng dugo at bahagi ng puso mula sa bawat isa sa mga naligtas.
5. Iyong mga hindi namatay, ay papasok sa Mesyanik na Kaharian upang manirahan doon, at gayundin ang kanilang mga saling lahi, sa bandang huli ay mapupunta sa Langit kasunod ng mababaw na pagtulog, sapagkat para sa kanila ang kamatayan ay wala na.

#### IKA-LIMAMPU'T ISANG KABANATA (CHAPTER LI)

### **ANG PAGKAKAISA NG KORDERO**

1. Sa bandang huli ng Mesyanik na Kaharian ay magaganap ang Pagkakaisa ng Kordero. Ang lahat ng mga Banal ay mananahan direkta sa Puso ni Kristo, at kung ganoon sa buong Santisima Trinidad. Ito ay magaganap kung ang Ating Panginoong Hesukristo ay matanggap sa Kanyang Banal na Puso ang patak ng dugo at bahagi ng puso buhat sa bawat isa sa mga Banal.
2. Sa Pagkakaisa ng Kordero, ibibigay ni Kristo sa Kanyang Ama ang lahat ng pag-aari ng kaharian ng Diyos.
3. Pagkatapos ng Pagkakaisa ng Kordero, patuloy ang paglikha ng Diyos ng hindi mailarawang mga bagay hanggang sa walang hanggan.

#### IKA-LIMAMPU'T DALAWANG KABANATA (CHAPTER LII)

### **PANALANGIN**

1. Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Diyos para sambahin Siya, bigyan Siya ng pasasalamat, manikluhod sa Kanyang kapatawaran at humingi sa Kanya ng tulong.

2. Ang Panalangin ay dapat gawing may atensiyon, kababaang loob, tiwala, pagpapakasakit at tamang hangarin.
3. Tayo ay dapat manalangin sapagkat ang Ating Panginoong Hesukristo ay iniutos sa atin na gawin ito para makatanggap ng mga grasya at iba pang mga biyaya galing sa Diyos.
4. Sa panalangin higit sa lahat kailangan tayong humingi ng espiritwal na mga biyaya, para sa ating kaligtasan; maaari din tayong humingi ng materyal na mga biyaya, kung iyon ay nararapat para sa ikabubuti ng ating kaluluwa.
5. Sa pagdarasal kailangan din nating isaisip ang pangangailangan ng Simbahan at ng ating kapwa.

**IKA-LIMAMPU'T TATLONG KABANATA (CHAPTER LIII)**

**ANG PINAKAMAHALAGANG MGA PANALANGIN**

Ang pinakamahalagang mga panalangin ay ang mga:

Ang Our Father.

Ang Hail Mary.

Ang Glory Be, para sa Santisima Trinidad.

Ang Hail Mary Most Pure.

Ang Banal na Rosaryo Penitensyal, na binubuo ng limang mga misteryo: sa bawat misteryo ay dinarasal ang sampong kompletong Our Fathers; iyon ay, isang Our Father, Hail Mary, Glory Be, at Hail Mary Most Pure sa bawa't butil.

Ang Holy Way of the Cross para sa Pinakabanal na Mukha ni Hesus.

Ang Holy Trisagion para sa Santisima Trinidad at para Kay Santa Maria.

Ang Holy Josephine Rosary.

**IKA-LIMAMPU'T APAT NA KABANATA (CHAPTER LIV)**

**MGA PANGUNAHING DEBOSYONG PALMARYANO**

1. Para sa Banal na Mukha ng Ating Panginoong Hesukristo.
2. Para sa Ating ina ng Palmar Koronada, Reyna ng Carmel at Patrona ng Uniberso.
3. Para sa Pinakabanal na San Jose ng Palmar Koronado, Ama at Doktor ng Simbahan.
4. Para sa Santa Teresa ni Hesus Koronada, Ina ng ating Order at Doktora ng Simbahan.
5. Para kay San Pio ng Pietrelcina, espesyal na Protektor ng Order.

**IKA-LIMAMPU'T LIMANG KABANATA (CHAPTER LV)**

**REPARATORI KOMUNYON**

1. Para sa Santisima Trinidad, sa unang Lingo ng bawat buwan.
2. Para sa Pinakabanal na Kaluluwa ni Kristo, sa unang Lunes ng bawat buwan.
3. Para sa Pinakasagradong Ulo ni Hesus, sa unang Martes ng bawat buwan.
4. Para sa Pinakasagradong mga Sugat ni Hesus, sa unang Miyerkules ng bawat buwan.
5. Para sa Pinakabanal na Mukha ni Hesus, sa unang Huwebes ng bawat buwan.
6. Para sa Pinakasagradong Puso ni Hesus, sa unang Biyernes ng bawat buwan.
7. Para sa Imakuladang Puso ni Maria, sa unang Sabado ng bawat buwan.
8. Para sa Banal na Kaluluwa ni Maria, sa ikalawang Lunes ng bawat buwan.
9. Para sa Imakuladang Ulo ni Maria, sa ikalawang Martes ng bawat buwan.
10. Para sa Eternal na Ama, sa ikalawang Linggo ng bawat buwan.
11. Para sa Espiritu Santo, sa huling Linggo ng bawat buwan.

Sa pamamagitan ng mga reparatori Komunyong na ito ay nakatatanggap tayo ng napakaespesyal na grasya para sa kaligtasan.

**IKA-LIMAMPU'T ANIM NA KABANATA (CHAPTER LVI)**

**ANG ESKAPULARYO NG BANAL NA MUKHA**

1. Ang lahat ng mananampalatayang Palmaryan ay kailangang magsuot sa loob ng damit ng Eskapularyo ng Banal na Mukha, gayundin sa labas sa pagsamba.
2. Ang Eskapularyo ng Banal na Mukha ay isang tiyak na pangako ng kaligtasan.

## MGA ARAW NG PANGILIN

Karagdagan sa lahat ng mga Linggo, ang mga Banal na Araw ng Pangilin para sa buong Simbahan ay ang mga sumusunod:

*Enero 1:* Ang Sirkumsisyon sa Panginoon, at ang Pinakabanal na Ngalan ni Hesus.

*Enero 6:* Ang Ephiphany o ang Publikong Pagpapakilala ng Panginoon at ang Pagsamba sa Kanya ng Tatlong Banal na mga Hari.

*Pebrero 2:* Ang Paggunita sa Pagsasatrono ng Banal na Mukha ng Ating Panginoong Hesukristo sa Palmar.

*Marso 19:* Pinakabanal na San Jose ng Palmar Koronado, Viceroy ng Carmel at Unibersal na Co-Patron.

*Marso 20:* Ang paggunita sa Linggo ng Palaspas.

*Marso 24:* Ang paggunita sa Huwebes Santo.

*Marso 25:* Ang paggunita sa Biyernes Santo, sa Pagbalita sa Pinakabanal na Birheng Maria at sa Pagiging Tao ng Banal na Salita.

*Marso 27:* Ang paggunita sa Muling Pagkabuhay.

*Marso 30:* Ating Ina ng Palmar Koronada sa Anibersaryo ng Kanyang Unang Aparisyon sa El Palmar

*Mayo 5:* Ang Pag-akyat sa Langit ng Panginoon.

*Mayo 15:* Pentekostes o Ang Pagbaba ng Diyos Espiritu Santo.

*Hunyo 29:* San Pedro at San Pablo.

*Hulyo 16:* Ating Ina ng Palmar Koronada, Reyna ng Carmel at Unibersal na Patrona.

*Hulyo 26:* Santa Ana at San Joaquín, mga Magulang ng Pinakabanal na Birheng Maria.

*Agosto 15:* Ang Pag-akyat sa Langit ng Pinakabanal na Birheng Maria.

*Septiyembre 8:* Ang Kapanganakan ng Pinakabanal na Birheng Maria.

*Oktobre 12:* Ating Ina ng Palmar Koronada, Ilaw ng Banal na Palmaryanong mga Konseho.

*Oktobre 13:* Corpus Christi o Katawan ni Kristo.

*Nobyembre 1:* Lahat ng mga Santo.

*Disyembre 8:* Ang Imakuladang Konsepshon sa Pinakabanal na Birheng Maria.

*Disyembre 25:* Ang Kapanganakan ng Ating Panginoong Hesukristo.

—oOo—